

TOMO XXXV Blg. 6

Abril - Hunyo 2011

Matanglawin

Opisyal na Pahayagang Pangmag-aaral
ng Pamantasang Ateneo de Manila



Mula sa Patnugutan

MGA INGAY

Lampas isang taon na nang sabihing tayo ang "boss." Ilang araw na nga ba ang ginugol natin sa pagtahak ng tuwid na daan? Nasaan na nga ba tayo?

Naging maingay ang nakalipas na isang taon sa ilalim ni Pangulong Benigno S. Aquino III o P-Noy. Kung titingnan, pareho naman ang nangyayari: patuloy ang paglabas ng katiwalian at kabulukan sa gobyerno. Ngunit sa isang banda, tila ibang klaseng ingay ang ating naririnig, iba sa sinundan niya. Sunod-sunod ang paglabas ng mga isyu sa AFP, PCSO, PAGCOR, at siyempre pa, ang isyu ng dayaan sa mga eleksiyong 2004 at 2007. Minumulto na ang dating Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo ng pagkawasak sa panunungkulan niya.

Isang sosyologo ang nagsabing ang magiging pangunahing trabaho ni P-Noy ay ang pagbuo ng mga institusyong nawasak sa nakaraang administrasyon. At marahil, tama ngang tingnan ang tuwid na daan ni P-Noy sa konteksto ng pagbuo. Tampok sa isyung ito ng Matanglawin ang patuloy na usaping pangkapayapaan sa pagitan ng gobyerno at ng CCP-NPA-NDFP. Lumalabas na tunggalian pa rin ng ideolohiya ang nangyayaring mga pag-uusap. Kritikal ang mga negosasyong ito, na nagpapatuloy sa Oslo, Norway. Katulad na nga ng sinasabi ng Presidential Adviser on the Peace Process, maaaring isang makatarungan at pangmatagalang kapayapaan ang idulot nito sa mga Filipino, partikular sa mga komunidad na patuloy na naiipit ng bakbakan sa pagitan ng militar at NPA. Sa isang banda, hinahatak ang mga pangkaraniwang mamamayan, lalo na ang kabataan, na tumindig. Napakalaki ng nakataya sa mga pag-uusap na ito, ang hinaharap.

Pagpapatuloy nito ang pagpapakilala sa mga whistleblower bilang piling mga tagapaghayag. Makikitang ang mga whistleblower sa kasaysayan ay bahagi mismo ng mga pangyayaring isiniwalat nila sa kanilang kuwento. Mas hindi ba totoo ang kanilang pagsisiwalat dahil sa kanilang pagiging kabahagi? O isang malaking sakripisyo talaga ang pagsigaw para sa katotohanan, sa puntong nakataya na ang kanilang buhay?

Isa namang tagapaghayag ang tampok sa Mata sa Mata: si Heidi Mendoza. Ayaw niyang magpatawag na isang whistleblower. Imbes na whistleblower, mas gusto niyang tawagin siyang tagapagsabi ng katotohanan. Makulay ang naging takbo ng kaniyang buhay nitong nakaraang mga buwan. Aminado naman siyang nakaramdam siya ng takot lalo na noong mga panahong pinakamahirap para sa kaniyang pamilya na harapin. Hindi biro ang lakas ng agos na nalampasan ni Heidi sa kaniyang pagsasabi ng katotohanan.

Wala naman sigurong tututol na maingay nga ang unang taon ni P-Noy. Ngunit tila mayroong mahahalagang isyu na nasasapawan sa ingay, gaya na lamang ng tampok na istorya at iba pang paksang tinalakay para sa isyung ito ng Matanglawin. Para sa marami, naging prominente ito sa ikalawang ulat sa bayan ni P-Noy noong SONA. Malaki pa rin ang tiwala ng sambayan sa kanilang halal na pangulo. Gamitin nga sana ang tiwalang ito sa pagtahak sa tuwid na daan at sa pag-aalis ng bagong-bagong terminong utak-wangwang. Naging malinaw na mandato ng pangulo sa pagkakahalal niya ang pag-aalis ng korupsiyon at katiwalian sa gobyerno. Mandato pa rin niya ito. Ngunit kung magiging mas sensitibo pa siya, makikitang may iba pang nais ang mga naghalal sa kaniya. Mayroon silang mga pangangailangan na dapat punan. Isang aspekto lang ng pagbubuo ng bansa ang pagsisiwalat at kaliwa't kanang imbestigasyon. Dapat na maging isang malaking hamon ang patuloy na pagtitiwala. At baka dapat ding pakinggan ang mga bulong. May makikinig na sa mga ingay. Bibihira lang ang kayang makinig at makaintindi ng mga bulong. Dapat balikan ni P-Noy kung mahigpit pa nga ba ang kapit niya sa kamay ng mga naghalal sa kaniya habang tinatahak nila ang tinuturo niyang daan.

Dapat nga nating lingunin ang nakaraan at matuto mula rito. Ngunit huwag sana tayong magpagapos dito, lalo na kung marami pa rin ang naisasantabi at hindi pa rin matamo ang minimithing katarungan. Huwag sanang mangyari ang sinabi ni Rizal sa "Sa Sambayanang Filipino at Kaniyang Pamahalaan" sa "El Filibusterismo." Ang tanong niya ay tanong din natin ngayon: Pagkatapos maisiwalat ang realidad, ng katotohanan, ano? Huwag na sana nating ipasang muli sa panahon ang gawain ng pagbabago at pagpapanibago.

Matanglawin

Opisyal na Pahayagang Pangmag-aaral ng Pamantasang Ateneo de Manila

PUNONG PATNUGOT
Tresa Valenton
BS PSY '11

KATUWANG NA PATNUGOT
Dylan Valerio
BS CS '11

NANGANGASIWANG PATNUGOT
Gerald Pascua
BS ACS '11

PATNUGOT NG SULATIN
Robee Marie Ilagan
AB PoS '11

PATNUGOT NG SINING
Jeudi Garibay
AB IS '12

PATNUGOT NG LAPATAN
Jose Alejandro Dolosa
BFA ID '11

PATNUGOT NG WEB-TEKNIKAL
Joanne Galang
BS MIS '11

PATNUGOT NG WEB-SULATIN
Patrick Manalo
AB PoS '11

PANDAYAN
Frances Pabilane
AB EU '11

INGAT-YAMAN
Rico Esteban
BS CoE '12

PANGKALAHATANG KALIHIM
Hansley Juliano
AB PoS '11

SULATIN AT SALIKSIKAN
Tricia Mallari
Alfie Peña
Elroy Rendor

Arnold Lau
Arvin Bautista
Kevin Marquez
Karla Placido
Rex Coz
Kevin Ross Nera
Miguel Rivera
Luigi Moreno
Micha Aldea
Iman Tagudiña
Regine Rostata
Pao Hernandez
Xavier Alvaran
Raph Limiac
Mike Orlino
Kristine Pascual
Benjhoe Empedrado
JC De Leon
Marvin Lagonera
Jan Fredrick Cruz
Tiffany Sy
Kris Olanday

LAPATAN
Geneve Guyano
Janine Motos
Angela Muñoz
Eldridge Tan

SINING
Katuwang na Patnugot:
Lalaine Lim

Bea Benedicto
Jam Chuah
Larz Diaz
Elya Vera
Therese Reyes
Justine Banedo
Trixia Wong
Michelle Garcia
Ramil Ramirez
Alyssa Nicole Anatalio
Carol Yu

WEB
Mark Louie Lugue,
Faye Matuguinas,
Jonathan Sescon,
Fawn Yap,
Hanna Adrias,
Robin Perez,
Ayeza Lamence,
Fatima Nifas

PANDAYAN
Katuwang na Tagapamahala:
Samuel B. Nantes

Charmagne Capuno
Miguel Castriciones
Mayo Floro

Dr. Benjamin Tolosa
Kagawaran ng Agham Politikal

Chay Florentino Hofileña
Kagawaran ng Komunikasyon

Dr. Agustin Martin Rodriguez
Kagawaran ng Pilosopiya

Gary Devilles
Kagawaran ng Filipino

Mike Bernardo Parker
Programa ng Sining



TANAWIN AT TUNGUHIN NG MATANGLAWIN

TANAWIN NG MATANGLAWIN

Mapanghamon ang ating panahon.

Kailangan ang mga matang nangangahas tumitig at magsuri sa paligid. Kailangan ang isang tanglaw ng katotohanan sa gitna ng dilim na laganap na pambubulag at pagbubulag-bulagan. Kailangan ang mga kuko ng lawing daragit sa mga dagang ngumangatngat sa yaman ng bansa at ahas na lumilingkis sa dangal at karapatan ng mga maralita. Kaya't ang Matanglawin ay bumabangon upang tumugon.

Tumutugon ang Matanglawin, una, bilang pahayagan ng malaya at mapagpalayang pagpapalitan ng kuro-kuro tungkol sa mahahalagang usaping pampaaralan at panlipunan; at ikalawa, bilang isang kapatiran ng mga mag-aaral na may malalim na pananagutan sa Diyos at sa Kanyang bayan.

Ang Matanglawin ay hindi nagsisimula sa wala. Saksi ito sa nakatanim nang binhi ng pagtataya at pagkilos ng ilang Atenista. Subalit hindi rin ito nagtatapos sa simula. Hangad nitong diligin at payabungin ang dati nang supling, at maghasik pa ng gayong diwa sa higit na maraming mag-aaral. Hangad din nitong ikalat ang gayong diwa sa iba pang mga manghahasik ng diwa at sa iba pang mga pamayanang kinasasangkutan ng mga Atenistang kumikilos palabas ng kampus.

TUNGUHIN NG MATANGLAWIN

Sa adhikaing ito, isinasabalikat ng Matanglawin ang mga sumusunod na sandigang simulain:

1. MAGING matapat at matapang sa paghahanap at paglalahad ng katotohanan - katotohanan lalo na ng mga walang tinig.

2. BIGYANG-DAAN ang malaya, mapanuri, at malikhaing pagtatalakayan - kabilang na ang kritisismo - ng mga mag-aaral hinggil sa mga usaping pangkampus at panlipunan.

3. HUBUGIN ang mga kasapi sa pamamagitan ng pakikisalamuha sa mga tao lalo na sa mga anakpawis, pandayin sila sa masinop na pananaliksik at pagpapahayag, at hasain sa malalim na pagninilay upang maging mabisang tagapagpairal ng pagbabago ng mga di-makatarungang balangkas ng lipunan.

4. TUMAYO bilang isang aktibong kinatawan ng Pamantasan para sa ibang paaralan at sektor ng lipunan.

5. ITAGUYOD ang diwa at damdaming makabansa lalo na sa pagpapalaganap at pagpapayaman ng sariling wika.

6. PAIGTINGIN ang kamalayang pampolitika sa Ateneo sa paraang mapayapa subalit mapaghamon, may kiling sa mga dukha bagaman walang isang ideolohiyang ibinabandila.

7. IBATAY ang lahat ng gawain sa papasulong na pananaw ng pananampalatayang Kristiyano na sumasamba sa Diyos na gumagalaw sa kasaysayan, kumakampi sa katotohanan, at may pag-ibig na napapatupad ng katarungan.

TUNGKOL SA PABALAT



sining ni Miich Garcia

Iniipit ng giyera sa pagitan ng militar at rebelde ang buhay ng mga pamilya't sibilyan. Bunsod nito, napilitan silang lumikas at mamuhay sa kawalang katiyakan na ang araw-araw ay isang pakikipagsapalaran para lamang hindi malagutan ng hininga at magpatuloy sa pagiging buhay.

Kahit patuloy ang usapang pangkapayapaan sa pagitan ng mga rebelde at ng militar, patuloy pa rin ang labanan. May pag-asa pa ba ang pagtatapos ng hidwaan? May pag-asa pa ba ang mga usaping pangkapayaan?

Nagpapasalamat ang Matanglawin sa mga sumusunod na pinagkuhanan ng mga litratong ginamit sa pabalat: Veejay Villafranca ng Philippines Graphic at Benjamin Rasmussen ng Jeepney Magazine.

Pagwawasto:

Sa isyu ng Matanglawin Pebrero-Marso 2011 (Tomo XXXV Blg. 5), nagkamali ang patnugutan sa pagkilala kay Jake Dolosa bilang siyang kumuha ng litratong nasa mp. 38-39. Nagmula ang litrato sa artikulong bahagi ng EDSA 20/20 iReport ng Philippine Center for Investigative Journalism (PCIJ) na isinulat ni Fides Lim (http://pcij.org/stories/carmen-deunida-a-k-a-nanay-mameng/). Nais bigyan ng karampatang pagkilala ng patnugutan ng Matanglawin ang PCIJ, si Fides Lim, at ang kumuha ng litrato bilang pinagmulan ng nailathalang litrato sa magasin.

Sa artikulong "Para Kay" sa mp. 32-34, hindi sa Mandaluyong ipinanganak si G. Eduardo Jose E. Calasanz. Hindi rin 60 taon ang kaniyang edad. Wala pa siya sa nasabing taong gulang. Humihingi ang patnugutan ng Matanglawin ng paumanhin sa kung ano mang problemang naidulot ng nasabing mga pagkakamali.

Pagmamay-ari ng mga lumikha ang lahat ng nilalaman ng pahayagang ito. Pinahihintulutan ang lahat ng pagsipi sa mga nilalaman basta hindi nito sinasaklaw ang buong akda at may karampatang pagkilala sa mga lumikha.

Bukas ang Matanglawin sa lahat (Atenista man o hindi) sa pakikipag-ugnayan: pagbibigay o pagsasaliksik ng impormasyon, pagtatalakay ng mga isyu, o pagpapaalam ng mga puna at mungkahi ukol sa aming pahayagan.

Sa lahat ng interesado, mangyari lamang na tumawag sa (632) 426-6001 lokal 5449, magpadala ng text message sa (63927) 348-2233, o sumulat sa pamunuan ng Matanglawin, Silid-Publikasyon (MVP 201 – 202), Pamantasang Ateneo de Manila, Loyola Heights, Lungsod Quezon 1108.

Maaari ring bumisita sa www.matanglawin.org o magpadala ng e-mail sa pamunuan@matanglawin.org.

Kasapi ang Matanglawin ng Kalipunan ng mga Publikasyon (COP) ng Pamantasang Ateneo de Manila at ng Kalipunan ng Pahayagang Pangkolehiyo sa Filipinas (CEGP).

NILALALAMAN

TOMO XVVV BLG. 6

TALIM NG BALINTATAW
17
Manininda

PULSONG ATENISTA
17
Mga Matang Sumusubaybay: Ang Discipline Committee ng Ateneo

PITIK PUTAK
30
Lubak-lubak, Patak-patak: Pagtanaw sa polisiya ng transportation dole-outs

DUGONG BUGHAW
42
Dunning-Kruger Effect



TAMPOK NA ISTORYA
11
Sa Gitna ng Agawdilim at Bukang-Liwayway: Ang muling negosasyon ng gobyerno at CPP-NPA-NDFP

SIGAW NG BAYAN
17
Kalakalang Patas o Kalakarang Dapat: Fair Trade Bilang Alternatibong Sistema

20
Pagsisiwalat: Bulong ng mga Tagapagbunyag

MATA SA MATA
33
Paghila kay Heidi: Ang noon at ngayon para kay Heidi Mendoza


KILATISTA
36
Lumaban Ka Ina: Pagtatanggol ng kababaihan sa kanilang sarili mula sa kanilang asawa

39
AKTIBISTArtista: Pagkilala sa Kabataang Artista para sa Tunay na Kalayaan

DUGONG BUGHAW
43
Ibang Uring American Dream:

OPINYON

LIGALIG NG LAYLAYAN



TRESA VALENTON
tvalenton@matanglawin.org

BAGO MAMAALAM, TUMINDIG KA

Dahil ang di-matatawaran, natuto ka sa paggawa.

Dahil bukod sa desperasyon sa paghahanap ng pag-ibig ni Bb. Mayumi, sa pagduldol ni G. Partehhh kung gaano niya hilig ang magpakawasak sa inuman, sa pagyayabang ni Mdm. Bulgar ng kaniyang karangyaan (mula sa mga bansang narating hanggang sa mga napamiling hiyas); mayroon pa rin palang mga taong kapupulutan ng mapanghamon, nakapupukaw, at inspirasyonal na pahayag sa Facebook.

Ayon sa post ni Propesor Gerry Lanuza ng Kagawaran ng Sosyolohiya sa Unibersidad ng Pilipinas (UP), may iba-ibang uri ng pagkatuto. Nariyan ang (1) natututo sa paggawa (activist), (2) mapagmuni (reflector), (3) gumagawa ng teorya (theorist), at (4) nageeksperimento sa mga bagong konsepto (pragmatist). Madalang umano siyang makakilala ng una at ikatlong uri dahil hindi ito (gaanong) naisusulong sa konteksto ng silid-aralan. Kadalasan daw niyang nakakasalamuha ang ikalawa at ikaapat. Sa palagay ko, hindi niya intensiyong maliitin sila. Sa halip, nag-iiwan ang ganitong pahayag ng hamon upang talagang isagawa ang mga bagay na bunga ng matamang pagninilay.

Naalala ko tuloy ang mga linyang ito: "Wala pa ring asenso si Juan; subsob pa rin sa kahirapan. Wala pa ring masilungan si Juan; tagpi-tagpi ang kasuotan. Wala pa ring sariling lupa si Juan; nakikisaka't baon sa utang." Masigla ngunit mapanuligsang awit. Tama naman. Ilang panahon at administrasyon na ang lumipas, wala pa ring nababanaag na tagumpay para sa kanila na ang tanging hangad ay makaahon sa kahirapan. Upang makatiyak, tiningnan ko kung ano ang pamagat ng komposisyong ito. Tumambad sa akin: "Tumindig Ka" mula sa Buklod. Maaaring dalawang kataga lamang ang pamagat subalit hitik sa pakahulugan. (Ang magandang balita, maaari itong tugunan.)

Una, mahalaga ang magbasa ng peryodiko. Araw-araw, iba-ibang kwento ang pumupukaw sa interes ng tao. Malaki ang nagagawa ng pag-alam sa pangyayari sa paligid—lalo na iyong mga pangyayaring may-katuturan at may potensiyal na makaapekto sa lipunan. Sa gawaing ito, hindi namamalayan ng mambabasa na siya na mismo ang bumubuo ng sariling opinyon sa mga bagay at tumutulong sa sariling maging "kaisa" sa pagsusulong ng pagbabago.W

Mula sa pagkakaupo, may puwersang unti-unting hihila sa kaniya upang makiugnay sa kapuwa. Tatayo siya at hahanap ng kabalitaktakan. Doon, maaaring may magkakaiba silang pananaw. Bagaman may mga pagkakaiba, at mayroon ding ilang pagkakatulad. Sa huli, napapayaman ng diskurso ang kaniyang pag-unawa. Maaaring lalong mapasidhi ang kaniyang paniniwala, maaaring may mabago, o maaaaring tuluyang magbago.

Lalabas ang indibiduwal mula sa kaniyang kalasag upang pormal na sumali sa mga samahang dala ang katulad na libog. Sa mga organisasyong ito niya makakadaupang-palad ang mga kapatid na dumaranas ng dati'y nababasa lamang niyang kuwento sa diyaryo. (Kahit siya, makararanas.) Malalaman niya na tunay ngang nagaganap ang mga ito. Na may suliranin. Na may naaapakan. Na may kailangang panagutin. Na may magagawa siya. Kuwento na rin niya ito.

Sa lalong madaling panahon, aaksiyon ang persona nang naaayon sa kaniyang ipinaglalabang prinsipyo, nang may gabay mula sa Itaas. Kaisa nang maituturing. Maaaring hindi siya mabigyan ng mataas na marka para dito. Maaaring bansagan siyang militante, ideal, emosyonal, iritable. May mga hindi matutuwa. May magagalit. May mangmamaliit. Subalit dapat lagi niyang itanong sa sarili, "Itong mga pamantayang ito ba ang sumusukat sa pagkatao at kaligayahan ko?" HINDI. Dahil sinimulan niya itong tingnan mula sa malayo, sinubukang intindihin hanggang mapalapit sa mga direktang sangkot, at kasalukuyang gumagawa ng hakbang upang baguhin ang nakagisnang kalagayan.

*****

Salamat sa mga di-nagtiwala. Salamat din sa mga nagtiwala, lalo kina: Sir Weevens, Dr. Macapagal, Ma'am Queena, Ma'am Bulos, at lahat sa Sikolohiya; Sir Yapan, Sir Lopez, Sir Devilles at lahat sa Filipino; kay Bb. Cobre at lahat sa Pilosopiya; Fr. Dacanay, Sir Bobby Guev, at lahat sa Teolohiya; Sir Apolonio at lahat sa Sosyolohiya. Sa Gabay, Psyche, Ateneo Placement Office (APO). Sa lahat ng photocopying ladies, security guards, at lahat ng personnel. Sa Office of Admission and Aid (OAA). Sa mga kaibigan, kamag-aral. Sa mahal kong Matanglawin. Sa aking pamilya. Sa Kaniya.

OPINYON

PASUBALI SA DILIM



DYLAN VALERIO
rilagan@matanglawin.org

Kasing politikal ng pagkilos ang hindi pagkilos; kasing politikal ng pakikiaalam ang apatiya.

ANG TRABAHADOR

Pumila ako para sa aking NBI clearance nang walong oras. Walang nakapaskil na mga panuto, hindi mahagilap ang mga guwardiya, at ni hindi namin alam kung ano ang sistema. Tila kami mga sangganong nag-aagawan sa puwesto sa pila. May nahimatay na, nagwala at nag-away. Doon ko naranasan ang pagsabak kong bagong-sala sa mundo ng pagtatrabaho (hindi pa ito matutumbasan ng OJT). Malaki ang nakataya.

Noong nakaraos na ako hawak ang isang pirasong papel, sumagi sa isip ko ang pagkarami-rami naming kumukuha ng clearance. Mabilis kong natandaan ang mahahaba ring pila sa ibang opisina ng NBI sa Megamall at sa Monumento. Base sa mga nakausap ko noon, kumukuha sila para sa pag-a-abroad, o sa paglilipat ng trabaho. Naisip kong nasa harap ko ang ebidensiya ng mabilis na pagpapalit ng mga kontrakuwal, at ang pangingibang-bansa ng mga OFW. Ibig sabihin, mahirap na talaga makahanap ng trabahong masagana dito sa Filipinas. Ibig sabihin, dapat kunin na ang manaka-nakang oportunidad.

Ano nga ba ang mga oportunidad dito sa Filipinas? Idineklara ni P-Noy noong misa batsilerato noong Marso ang pagkakaroon ng 80,000 hanggang sa 100,000 na trabaho sa business process outsourcing (BPO). Itinakda rin ng Public Employment Service Office ang 1,000,000 trabaho kada taon sa kanilang website, ang Philjobnet. Ayon nga kay P-Noy, "Di po ba't mas magandang problema ang tinatanaw natin ngayon?"

Marahil, marahil hindi. Marami pa kasing dapat muling siyasatin sa Labor Code, at sa mga umiiral na negosyo ngayon. Una, panibagong kalakaran ang BPO, kung saan ginagamit ang teknolohiya upang makapag-angkat ng mga serbisyo sa ibang lugar (o bansa), upang maging mas mura ang gastusin. Higit na komplikado ngayong manmanan ang mga negosyong kinokontrata, o iyong mga off-shore na elemento nito. Makikita natin ito sa milyon-milyong OFW na kumakayod sa ibang bansa, o sa mga ahente ng call center. Paano sasagutin ng batas ang mga makabagong hamong ito?

Pangalawa naman ang usapin ng pasahod. Nagtaas ng P22 ang cost of living allowance sa mga minimum wage earners sa Metro Manila. Malaki ang agwat nito sa hinihinging P125 para makaahon mula sa napakataas na presyo ng langis, pagkain at transportasyon. Dismaya tuloy ang inabot ng mga nakibaka noong Mayo Uno. Nararapat lang na ipasa ang higit na mataas na pasahod para sa mga manggagawa, pati na rin sa iba pang sektor ng pagtatrabaho. Ngunit mas komplikado dito ang problema. Madali sanang malulunasan ang problema kung patataasin din ang sahod ng mga manggagawa, nars, guro atbp. Subalit, marami ring small to medium enterprises sa ating bansa ngayon, na maghihikahos sa panukalang ito.

Kaya naman, mapupunta ngayon tayo sa ikatlong usapin, ang mga negosyante. Sapul ito sa mga Atenista, sapagkat—aminin natin—marami sa atin ang magmamana o magsisimula ng sariling negosyo. Mabuti iyan. Ngunit tulad ng mga empleado, kasapi rin ang mga negosyo sa krisis ng trabaho.Bilang lunas, mabuti sana kung magkaroon ng sistema ng mga insentibo upang maging mas magaan para sa lahat ang pagtataas ng sahod. Kung idadagdag pa kasi ang usapin ng pagbabayad ng buwis, SSS, Pag-IBIG at PhilHealth, napakalaki ang mababawas sa kita ng lahat ng kasangkot. Mainam balansehin ang interes ng lahat, habang isinasapuso ang diwang pag-ahon ng empleado mula sa kahirapan.

Pang-apat naman ang respeto sa lakas-paggawa. Hindi sana natin malimutan na higit sa salapi, nariyan din ang pagbibigay respeto sa mga empleado, sa buhay na ginugugol nating lahat sa pagtatrabaho. Manaka-naka ang istorya ng maladiktador na amo, na siyang nakahahanap ng butas sa malabnaw na sistema ng hustisya ng bansa. Bilang mga Atenistang hinamon na ng dikotomiya ng subsistence at ng etika ni Kant... Alam mo na iyan.

Bilang paglalagom, tandaan natin na ilang dantaon ipinaglaban ang pagkakapantay-pantay sa pook ng trabaho, pagtatakda sa walong oras ng trabaho, tapat na pasahod sa pamamagitan ng collective bargaining agreements, at pangangalaga sa karapatan ng mga manggagawa sa pamamagitan ng unyonismo. Ngunit lahat ng ito'y kailangan muling pag-aralan dahil sa mga sala-salabid na pagbabagong dulot ng globalisasyon, konsumerismo at urbanismo. Ika nga ni Randy David sa Ingles, "Nagbago na ang mukha ng proletaryado." Marahil marami ngang umuuwing masaya mula sa mga job fair ngayong tag-araw, ngunit malayo pa tayo sa tunay na kasaganahan.

Mabuhay (!) [sic] ang mga naging guro ko noong kolehiyo—lalong-lalo na ang mga kasapi ng DISCS—na naging tanglaw ko sa loob ng apat na taon. Maraming salamat sa mga tao doon sa pangalawang pahina, at sa mga henyong (!) [sic] pinapagitnaan ng pahina ko.

IKONOKLAST



HANSLEY A. JULIANO
resteban@matanglawin.org

KAPAG NAKAKASAWA NA

At kung hindi natin kayang mabuhay nang hindi binabali ang pananaw ng iba sa ating mga pagpupumilit, huwag na tayong magtaka kung hindi tayo mauunawaan ng ating kapuwa.

Hindi na natin kailangang ulit-ulitin pa kung papaanong nagkukulang ng malalim na pakikisangkot sa ating politika't lipunan. Nangyayari talaga na kapag inuulit-ulit ang mga paalala't pagpuna, hindi na ito pinapahalagahan ng marami. Nakita na natin kung papaanong nagpumilit ang lahat ng mga kilusan ng mga kabataan sa loob ng ating Pamantasan (mapapartido, mapaorganisasyon, at maging ang kasalukuyang pamahalaan ng Pamantasan) na mahila ang mga Atenista na makialam. Batay sa kung ano ang ipinagpapalagay nating "mainit na usapin" sa telebisyon, radyo, Twitter trending topics at kung ano-ano pa, dito natin hinuhugis ang ating pakikisangkot. Kung ano ang gusto ng iba, iyon ang nais nating salihan. Para nga naman hindi tayo "mawala sa uso."

Pero iyon ba talaga ang politika? Kung ano lang ang nasa uso? Kung ano lang ang mapag-uusapan na maaaring kalimutan kapag nakabagutan na? Nakikisangkot ba talaga tayo kung sunud-sunuran lamang tayo sa mga itinakdang hangganan ng pagsasalita, sa kung ano ang basa ng marami na dapat paniwalaan nang hindi na natin pinag-iisipan?

*****

Maganda sigurong balikan natin si Karl Marx at kung ano ang ninais niyang makita: "magkaroon tayo ng pakikipag-ugnayan kung saan ang malayang paglago ng isa ang magiging batayan ng malayang paglago ng lahat." Maaasahan lamang ang pagkamulat ng marami kung nakabatay, nakaugat at nakatali ito sa kanilang mismong mga interes at pagpapahalaga. May lubusang kakayahan lamang ang isang tao makisangkot sa isang usapin kung tunay siyang pamilyar sa pinagbubuhatan ng isang usapin, kung ano ang mga intensiyon na nakatali sa mga usaping ito, at kung alam niya kung saan siya nakalugar sa mismong pagtatalaban ng mga interes sa mga usaping ito.

Samakatuwid, bitin ang mahila lamang sa isang adbokasya dala ng pakikiusyoso, pakikisama sa mga kaibigan at inaakalang mapagkakatiwalaan. Hindi ito magtatagumpay hangga't hindi ito tumatagа sa kanilang mismong identidad. At kaululang malaki na isisi sa kanilang "matitigas na ulo" ang hindi pakikisangkot. Kung hindi naman natin mismo sinikap na ipaunawa sa kanila ang dapat maunawaan, kung hindi tayo tahasang bumaba't lumabas sa ating mga toreng garing, hindi natin maaasahang maunawaan nila ang ating ipinapalagay na mas makabubuti.

*****

Kaya marahil, para sa akin, masyado nang kadudaduda ang magsalita tungkol sa reproductive health bill dahil lunod na ang usapin ng retorikang hindi isinasaalang-alang ang pinagmumulan ng kanilang mga "kaalit." Nariyang magbato ang mga promotor ng RH Bill ng ad hominem na pang-iinsulto sa papel ng Simbahan sa lipunan (na umaapaw sa laos na teorya ng sekularisasyon), at nariyan ding maglabas ang mga "tagapagtanggol" ng Simbahan ng pagdusta't pagkondena patungo sa impiyerno (na parang sila ang karampatang hukom ng kanilang kapuwa). Nariyang maglabas ang parehong kampo ng mga datos at samu't saring babala tungkol sa population control, artificial contraception at aborsyon nang walang pakundangan sa pinag-uusapan: ang pagbibigay-kakayahan sa mga tao, sa kababaihan, na makapagpasya sa kung papaano nila patatakbuhin ang kanilang buhay, pagpapamilya at pananagutan sa lipunan.

Hindi kaya pinipigilan na tayo nitong pag-usapan naman ang mas may kinalaman sa buhay ng marami?

Repormang agraryo. Pangangalaga sa ating mga ingat-yaman. Pagpapaikot ng yaman ng bansa sa lahat. Pagsasaayos ng mga sistema ng pakikipagkalakalan. Pagpapanibago ng ating konsepto ng pagkamamamayan. Pagsira sa mga institusyon, pampubliko o pribado, na umaapi sa ating mga manggagawa, paysano at maralitang tagalungsod at tagalalawigan.

Baka panahon nang tapusin na natin ito't alalahanin na, hindi lang tayo ang nagsasalita. Marami tayong nag-uusap. At kung hindi natin kayang mabuhay nang hindi binabali ang pananaw ng iba sa ating mga pagpupumilit, huwag na tayong magtaka kung hindi tayo mauunawaan ng ating kapuwa.

TUPANG INA!

Kamusta mga Atenista! Ang init ng panahon no? Kasinginit ng usapang...

MGA DEMONYO! MAMA-MATAY-TAO!!

Give us a choice on how to manage our families!

Sabi ng Pari namin huwag daw eh...

Stupid Priests! Don't force your religion on us!

CONSPIRACY THEORY ITONG LAHAT!

There will be less abortion! Pro-choice is also Pro-life!

We're not overpopulated kaya! Just look at the jungle, there's no tao there!

We're overpopulated kaya! There's jologs everywhere! Kadiri!

HOUSE BILL 4244
REPRODUCTIVE HEALTH BILL

Pero ang tanong...binasa ba ninyo ang RH Bill?

At higit sa lahat...nakakapagbahagi ba ang masa sa debateng ito?

Muling negosasyon
ng gobyerno at CPP-NPA-NDFP,
may patutunguhan ba?

Tampok na Istorya

SA GITNA NG AGAWDILIM AT BUKANG-LIWAYWAY

nina Jan Fredrick Cruz, Iman Tagudiña, at Dylan Valerio
sining ni Mich Garcia
lapat nii Geneve Guyano

Nakapaghanda pa si dating Sen. Benigno "Ninoy" Aquino, Jr. sa pag-uwi niya sa bansa noong 1983. Gumawa ang kinikilalang lider ng oposisyon ng isang talumpating dapat sana'y para sa mga tagasuporta niyang sasalubong sa paliparan. Sayang nga lamang at hindi na niya nagawang ilahad iyon.

Ilalarawan sana ng senador sa talumpating iyon ang kalunos-lunos na sitwasyong pangkapayapaan sa bansa dulot ng hidwaang gobyerno-NPA. Marapat sana'y nasabi niyang: "Kailangan ba nating sariwain ang mga paghihirap at pagdanak ng dugo ng nakalipas na nagluwal ng ating republika o kaya ba nating maupo bilang magkakapatid at pag-usapan ang pagkakaiba natin nang may rason at kabutihang-loob?"

Sa kasamaang palad, naging makatotohanan ang imahen na ipininta ni Ninoy sa inihanda niyang talumpati. Nasa 40,000 katao na ang napaslang bunga ng hidwaang gobyerno-NPA mula 1969 batay sa Reuters. Sa pagtataya ng Asia Report nitong Pebrero, may 187 sundalo kada taon ang napapatay sa mga engkuwentro. Hindi pa kabilang dito ang libo-libong naiipit sa operasyong militar (tulad ng OPLAN Bantay-Laya) at sa mga kahingian ng mga rebelde. Hindi pa nabibilang ang mga ari-ariang napilitang iwanan. Hindi pa nabibilang ang mga komunidad, lokal na pamahalaan, hanay ng mamamahayag at pangkat-lumad na apektado ng putukan, pag-aresto at panggigipit.

Halos tatlong dekada na ang lumipas, ang iniwang tanong ng ama ay siya pa ring sinusubukang sagutin ng anak.

ISANG BITUIN SA GABING MADILIM

Bagong administrasyon, bagong pagkakataon. Sa pagkakaluklok kay Pang. Benigno "Noynoy" Aquino III sa puwesto, muling pinasinayaan ang pag-uusap sa pagitan ng pamahalaan at ng New People's Army (NPA). Itinalaga si Atty. Alex Padilla, isang human rights lawyer, para pangunahan ang peace panel. Si Luis Jalandoni naman ang tumayong pangunahing kinatawan ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) panel. Nagkaroon na ng impormal na usapan sa pagitan ng dalawang kampo sa Hong Kong noong Disyembre 2010 at doon napagkasunduang magkaroon ng ceasefire.

Noon namang nakaraang Pebrero 15 hanggang 21, pormal nang sinimulan ang prosesong pangkapayapaan sa Oslo, Norway. Namagitan ang Royal Norwegian Government sa usapan. Sa ngayon, optimistiko ang magkabilang panig. Magkagayon man, hindi pa rin natitiyak na naiiba ito sa mga naunang negosasyon sa Communist Party of the Philippines (CPP)-NPA-NDFP dahil sa nagdaang apat na administrasyon, bigo ang mga usapan. Sa bawat pagkakataon, nakansela ang negosasyon at nagpatuloy ang digmaan. Ang hirap nito, laging malaki ang pinsalang naiiwan. Hinahamon ang katatagan ng estado at ang kakayahan nitong makabangon mula sa nasirang pinagkukunang-yaman, napahamak na mamamayan at kabuhayang nawala sa sigalot.

Kaya hindi nakapagtatakang itanong ng marami, gaano nga ba katapat ang kasalukuyang administrasyon na makipagkasundo sa CPP-NPA-NDFP? Mawawakasan na nga ba ang pinakamatagal (tatlong dekada) na paghihimagsik sa Asya? Gayundin, mahalagang balikan, paano nga ba nagsimula ang armadong pakikibaka?

MGA BANTA NG UNOS

Radikal na pagbabago. Sa panawagang ito nakaangkla ang pagkakatatag ng Communist Party of the Philippines (CPP) noong huling bahagi ng 1968. Sa pangunguna ni Jose Ma. Sison, dating propesor at manunulat, itinatag ang kilusan na naglalayong palitan ang umiiral noong sistema ng gobyerno tungo sa isang estadong komunistang ipinaiiral ang ideolohiyang Marxist-Leninist at Maoist. Matapos nito, sunod na itinatag ang armadong panig, na mas kilala ngayon bilang New People's Army (NPA).

> "Kaya naman, kapag ganoon ang habol mo [pamahalaan], at ganoon ang pagkilos mo, na gusto mo lang mahinto ang putukan pero wala kang iminumungkahing kongkreto para mabago ang kaayusan—[na] mawala ang socioeconomic basis ng armed conflict—hindi talaga magtatagumpay iyong mga ganoong hakbangin."
>
> -Renato Reyes, BAYAN

Marahil bunga ng magulong panahon na kinakitaan ng krisis sa ekonomiya, laganap na krimen, sesesyon sa Mindanao, katiwalian sa pamahalaan, malawakang mga kilos-protesta (tulad ng First Quarter Storm) at pang-aabuso ng kapangyarihang militar ang pagkakatatag ng CPP-NPA-NDFP. Nang maglaon, nauwi sa pagdedeklara ni Pangulong Ferdinand Marcos ng batas-militar noong 1972 ang mga kaguluhan. Inaresto ang lahat ng pinaghinalaang "kalaban ng gobyerno," kabilang na rito ang mga kilalang aktibista, miyembro ng oposisyon, at ilang miyembro ng CPP.

Inako ng noong CPP-NPA-NDFP ang pagtataguyod ng "laban ng sambayanan" o "people's war." Ayon kay Arjan Aguirre, propesor ng agham politikal sa Ateneo, nakita sila bilang mga banta sa seguridad noong rehimeng Marcos dahil sa kanilang "kakayahang mag-organisa, ideolohiya at dedikasyon." Umabot sa 25,000 katao ang NPA at 30,000 katao ang CPP noong 1986. Kumalat sa 69 probinsiya ang koalisyon. Maging ang ilang Atenista tulad nina Edjar Jopson at Emmanuel Lacaba ay nahikayat sumapi sa armadong pakikibaka ng samahan.

Ngunit kaiba sa desisyon ng oposisyon na magsama-sama noong 1986 snap elections bilang pagsuporta kay Corazon "Cory" Aquino, pinili ng CPP-NPA-NDFP na mag-boycott. Hindi rin sila nakilahok sa People Power. Dahil dito, nawala sa kanila ang suporta mula sa iba't ibang organisasyon, at naging malabnaw sa pananaw ng karaniwang Filipino ang ipinaglalaban ng samahan. Nagkaroon ng maraming hidwaan at pagtiwalag sa loob ng kasapian sa mga sumunod na taon. Magkaganoon man, nagpatuloy pa ang pakikibaka ng CPP-NPA-NDFP. May mga nagpatuloy sa paghawak ng armas; ang iba naman, nakilahok sa mga partidong politikal.

PAGSUSURI NG BUDHI

Wala na si Marcos, ngunit patuloy pa rin ang armadong pakikibaka.

"Sa apat na dekadang nakalipas, hindi naman natugunan ng mga nagdaang administrasyon iyong hinaing ng mga naghihirap na mamamayan," ani Renato Reyes, pangkalahatang kalihim ng Bagong Alyansang Makabayan (BAYAN). "Grabe ang kahirapan. Lumalala pa nga ang paglabag sa karapatang pantao lalo na sa panahon ni [dating Pangulong] Gloria Macapagal-Arroyo. Tumindi rin ang krisis pang-ekonomiya dahil hindi naman binago ng Filipinas ang kaniyang economic setup."

Kung susuriin ang ulat ng Asian Development Bank noong 2009 na pinamagatang "Poverty in the Philippines: Causes, Constraints and Opportunities," lumalabas na wala ring maituturing na nagbago sa buhay ng ordinaryong

Juan matapos ang diktadurang Marcos. Kung ibabatay sa porsiyento, maipagkakamaling lumiit ang bilang ng maralita: mula 44.2% (1985) patungong 33.7% (2000). Subalit kung ibabatay sa aktuwal na bilang, kapansin-pansing dumami pa nga ang mahirap: mula 26.67 milyong katao (1985) na naging 30.85 milyon (2000). Binago ng gobyerno ang pagtukoy sa poverty incidence noong 2003, dahilan upang lumiit sa 24. 4% o 23.8 milyong katao ang bilang ng naghihirap. Gayumpaman, tumaas pa rin ito sa 26.9% o 27.6 milyong katao noong 2006.

Nanatili rin ang mga paglabag sa karapatang pantao kahit 25 taon na ang lumipas matapos ang batas-militar; ang pinakamalalang manipestasyon nito ay noong rehimeng Arroyo. Sa isang pagtatasa ni dating Tagapangulong Leila de Lima ng Commission on Human Rights na inilathala sa Philippine Daily Inquirer noong Hulyo 2009, nakapagtala ng 144 kaso ng extrajudicial killing mula 2001 hanggang 2008, at 239 kaso ng enforced disappearances mula 2001 hanggang kalagitnaan ng 2009. Batay naman sa progresibong grupong KARAPATAN (Alliance for the Advancement of People's Rights), mayroon nang 28 biktima ng extrajudicial killings, apat na biktima ng enforced disappearance, 19 biktima ng tortyur at 36 biktima ng ilegal na pag-aresto at detensiyon sa unang anim na buwan pa lamang ng administrasyon ni P-Noy.

Bukod pa sa karalitaan at paglabag sa karapatang pantao, marami pang ibang suliranin ang Filipinas na hindi pa rin natutugunan hanggang ngayon. Itinuran tuloy ni Reyes, "Ang habol kadalasan ng pamahalaan [sa peace talks] ay makuha iyong tigil-putukan, pero hindi nilalayon na solusyunan iyong pinag-uugatan ng armadong labanan: iyong kahirapan, kawalan ng lupa, dominasyon ng dayuhan sa ekonomiya, paglabag sa karapatang pantao, at iba pa. Kaya naman, kapag ganoon ang habol mo [pamahalaan], at ganoon ang pagkilos mo, na gusto mo lang mahinto ang putukan pero wala kang iminumungkahing kongkreto para mabago ang kaayusan—[na] mawala ang socioeconomic basis ng armed conflict—hindi talaga magtatagumpay iyong mga ganoong hakbangin."

"[Ang] kabataan, halimbawa, [ay] nawawalan na ng pag-asa sa ating sistema ng demokrasya, at sa kanilang paningin, ang eleksiyon na dapat maging batayang pundasyon ng alinmang demokrasyang pampolitika ay hindi nagluluwal ng mga bagong lider o bagong estilo ng pamunuan. Parang pare-pareho lamang; galing sa iisang uri."

-Randy David

TINIG NG MGA INUUSIG

"Ang makamtan ang pambansang demokrasya." Sa ganitong layunin, sumapi si Manuel* sa NPA noong panahon ng batas-militar. Naging miyembro siya ng kilusan sa parehong taon na naganap ang First Quarter Storm. Estudyante lamang si Manuel noon kaya inilagay siya sa sektor ng pag-oorganisa. Hanggang ngayon, nasa kabundukan pa rin si Manuel at nakikibaka.

Nakakausap niya ang ilang kamag-anak sa pamamagitan ng cellphone. Paminsan-minsan, bumababa siya mula sa kabundukan upang sandaling makipagkumustahan sa kaniyang pamilya. Aniya, "Alam ng pamilya ng isang kasama na malaking sakripisyo ang malayo sa isa't isa. Ngunit dahil na rin sa mulat ang pamilya sa mga pangyayari, lubos na naiintindihan ng pamilya ng isang kasama [ang ipinaglalaban nito]." Inihalintulad ni Manuel ang buhay sa kabundukan bilang hawig sa buhay ng karaniwang mamamayan: mayroong pamilya at may tinatamong kalayaan sa buhay. "Ang pagkakaiba lamang ay ang lahat ng kilos at gawa ng isang kasama ay dapat nakaugnay tungo sa ikabubuti at ikauunlad ng sambayanang Filipino," paglilinaw niya.

Isa lamang si Manuel sa mga nagdaang henerasyon ng kabataang nawalan na ng tiwala sa depektibong demokrasya na umiiral sa lipunan. Para kay Randy David, propesor ng sosyolohiya sa UP Diliman at batikang komentarista sa mga usaping sosyo-politikal, maraming kabataan ang nahihikayat sa armadong kilusan bunga ng kawalan ng pag-asa na baguhin ang sistema ng pamumuno sa bansa sa mapayapang paraan.

"[Ang] kabataan, halimbawa, [ay] nawawalan na ng pag-asa sa ating sistema ng demokrasya, at sa kanilang paningin, ang eleksiyon na dapat maging batayang pundasyon ng alinmang demokrasyang pampolitika ay hindi nagluluwal ng mga bagong lider o bagong estilo ng pamunuan. Parang pare-pareho lamang; galing sa iisang uri," paliwanag ni David. Tinukoy din ni David na isang salik sa pagsali sa NPA ang kawalan ng katarungang panlipunan. Nagtutulak ito ng pagnanasa ng maralita na humanap ng alternatibong sistema ng katarungan. "At kadalasan, iyan ang mga taong-labas, labas sa sistema ngunit may hawak na armas at may kakayahang magpatupad ng sariling court of justice," dagdag pa niya.



MGA ALAALA

Hindi pa rin nawawalan ng pag-asa si Manuel. Naniniwala siya na magbubunga ang muling pag-uusap ng gobyerno at NPA. "Hindi dapat mawalan ng pag-asa ang sinuman dahil isa lang ito [ang peace talks] sa mga paraan [upang] makamtan ang pambansang demokrasya," pahayag niya. Nakatutuwang positibo ang pagtanaw niya ukol sa naturang usapin lalo na at, sa tagal ng pakikibahagi niya sa kilusan, naging saksi na rin si Manuel sa urong-sulong na

daloy ng negosasyong pangkapayapaan.

Tulad na lamang nang iluklok ng unang People Power sa kapangyarihan si Cory Aquino. Sinimulan ng bagong pamahalaan ang negosasyon sa NPA kabalikat ang pagpapalaya sa ilang lider ng kilusan tulad ni Jose Ma. Sison. Naudlot ito noong Enero 1987 dahil sa Masaker sa Mendiola. Sa tatlong sumunod na administrasyon, nagkaroon ng mga pormal at impormal na negosasyon, ngunit nahinto ang pag-uusap dahil sa kawalan ng sinseridad ng magkabilang panig. Ayon nga kay Aguirre, nagpatuloy pa rin ang mga pamamaslang at pag-aresto kahit may nagaganap na negosasyon.

Sumunod namang inayos ang adyenda ng usaping kapayapaan gaya ng karapatang pantao, repormang sosyo-ekonomiko, reporma sa politika at konstitusyon at ang pagbaba ng armas noong Setyembre 1, 1992 sa pamamagitan ng paglagda ng Gobyerno ng Republika ng Pilipinas o GRP (ngayon ay kilala nang GPH o Government of the Philippines) at NDFP Panel sa Hague Joint Declaration na nagtakda sa mga nasabing adyenda.

Noong sumunod na taon pa lang inilatag ang Joint Agreement on Safety and Immunity Guarantees (JASIG) na naglalayong protektahan ang mga kasangkot sa usapang GRP-NDFP. Pinirmahan naman ang Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law o CARHRIHL noong Marso 16, 1998.

Naisaayos man ang mga elementong ito, nagkaroon pa rin ng mga problema sa usapang pangkapayapaan. Nagkaroon ng hindi pagkakasundo sa iba't ibang bagay. Halimbawa na lamang nang kinondena ng NDFP ang Visiting Forces Agreement noong 1998 bilang paglabag sa soberanya ng Filipinas. Mariin ding umalma ang NDFP at ang mga kaalyado nito nang ideklara silang mga terorista ng Estados Unidos noong 2004.

Sa taon ding iyon, nagkaroon na ng burador para sa Comprehensive Agreement on Socio-Economic Reforms (CASER), ngunit hindi na ito umusad dahil sa mga alegasyon ng pandaraya sa halalang pampanguluhan. Nagdalawang-isip ang maraming miyembro ng NDFP Panel na makipag-usap sa umano'y di-lehitimong administrasyon ni Arroyo. Pinaigting pa ito ng sunod-sunod na paglutang ng mga anomalya gaya ng "Hello Garci" scandal, fertilizer fund scam, NBN-ZTE deal, at iba pang pang-aabuso sa kapangyarihan. Kasama ang CPP-NPA-NDFP sa pagkondena sa rehimeng Arroyo. Natigil ang pag-uusap.

MGA LIWANAG AT MGA ANINO

May bago nang direksiyon. Ganito ang pagtingin ni Ednar Carlos Dayanghirang, miyembro ng government panel at namumuno sa panig ng gobyerno para sa CASER. "Unang priority ang kapayapaan sa P-Noy administrasyon. 'The primacy of the peace process,' 'ika nga. Nakasulat ito sa Philippine Development Plan for 2011-2016," pagbibigay-diin ni Dayanghirang. Pinag-aralan dito ang mga naantalang kasunduan mula pa noong 2001 at nagtakda na rin ng kalendaryo para sa mga susunod na pag-uusap.

Malalagdaan daw ang CASER sa Setyembre 2011, ang Comprehensive Political and Constitutional Reforms (CAPCR) sa Pebrero 2012, at ang Comprehensive Agreement on End of Hostilities and Disposition of Forces (CAEHDF) sa Hunyo 2012. Lahat ito ay nakakalendaryo na.

"Hindi natin kayang muling maghintay ng 24 taon upang magkaroon ng ikalawa, ikatlo o ikaapat na resolusyon. Kaya naman, ang posisyon ni Alex Padilla, mayroon kaming [government panel] takdang panahon—tatlong taon lamang kami dito. Dapat sa tatlong taon, maresolba na ang tatlong adyendang ito nang sa natitirang tatlong taon pa ng administrasyong Aquino, implementasyon na ng mga kasunduan ang isasagawa," ani Jennifer Oreta, propesor ng agham politikal sa Ateneo at independent observer sa isinasagawang negosasyon.

Patuloy ang pakikipag-usap ng kasalukuyang administrasyon. Bilang tanda ng paninindigan, tinalakay ng magkabilang panig ang pagpapanumbalik sa naudlot na JASIG. Nagpalaya na rin ang magkabilang panig ng kani-kaniyang dinetene at nangangakong ipagpapatuloy ito. Idinagdag ni Dayanghirang na malaking tulong ang pagkakaroon ng "isang mekanismo upang tumugon sa JASIG at mga isyu ng karapatang-pantao na siyang laging nagiging dahilan ng pagkabagal ng negosasyon."

Sa mga nagdaang panahon kasi, naging komplikado ang implementasyon ng JASIG at CARHRIHL. Gayumpaman, ayon kay Dayanghirang, "Madaling lutasin ang mga isyu ukol sa JASIG. [Ang] CARHRIHL [ang] masalimuot dahil walang operational guidelines para sa Joint Monitoring Committees (JMC). Ito nga ang tinututukan ng GPH at NDFP Monitoring Committees."

MGA HARI-HARIAN

Bagaman banayad ang simula ng prosesong pangkapayapaan, nananatili ang mga sala-salabid na dahilan kung bakit hindi pa natatapos ang hidwaan. Nariyan ang mga lantaran at mga di-lantarang motibo ng magkabilang panig. Ayon kay David, "Ang hinahabol ng CPP-NPA-NDFP ay magkaroon din ng istatus na kinikilala ng United Nations bilang belligerent resistance para makilala sila bilang lehitimong katawang politikal." Sinabi ng NDFP panel na dapat silang tingnan ng gobyerno bilang mga kinatawan ng isa ring lehitimong gobyerno, na may sariling konstitusyon, teritoryo at mamamayan.

Hindi rin naging katanggap-tanggap sa NDFP panel ang paulit-ulit na akusasyon ng militar na "kalam ng sikmura" na lamang ang bumubuhay sa armadong pakikibaka. "Mahirap namang tanggapin iyan dahil pansinin niyo nga ang takbo ng usapang pangkapayaan, ang mga panukala ng NPA-NDFP, hindi masasabi na itinulak lamang ng kagutuman, walang lalim o walang sustansiya. Makikita roong malinaw na mayroon talagang programa na itinutulak na kung paano magkakaroon ng self-reliant economy, kung paano ide-develop ang negosyong Filipino, paano itutulak ang reporma sa lupa, tunay na paglutas sa kahirapan, [kung paano] itataas ang antas ng pag-unlad ng ating ekonomiya," pangangatwiran ni Reyes.

> "Hindi dapat mawalan ng pag-asa ang sinuman dahil isa lang ito [ang peace talks] sa mga paraan [upang] makamtan ang pambansang demokrasya."
>
> -"Manuel"

Subalit ito mismong pagkakaroon ng napakakongkretong tunguhin ang lalong nagpapasalimuot sa diskurso ng negosasyon. Iginigiit ng NDFP panel ang mga solusyon nito sa "imperyalistang kapitalismo," "piyudalismong nang-aalipin sa mga pesanteng mayorya," at sa "burokrasyang kapitalistang" pinag-uugutan ng maraming katiwalian. Kaya naman tatalakayin pa sa Hunyo ng magkabilang panig ang mga balangkas nito para sa CASER. Para sa NDFP panel, "agrarian reform at rural development" at "national industrialization" ang kailangan,

samantalang "asset reform" at "industrial policy" naman ang nais na kompromiso ng gobyerno.

Kaya naman, mahirap para kay Aguirre ang paniwalaan na sapat ang tatlong taon na itinakda upang matapos na ang hidwaan ng magkabilang panig. Itinuturo niya ang mga kahinaan ng ating ekonomiya na nakaugat sa estruktural na kahinaan mismo ng lipunan. Aniya, "Ang mahigit na apat na dekada [sic] ng pakikibaka ng komunistang kilusan ay sumasalamin sa pagkabigo ng kasalukuyang kaisipan at praksis demokratiko ng ating bansa—demokratikong neoliberal. Para sa karamihan, ang isyung estruktural na hindi pagkakapantay-pantay ay sekondarya lamang sa isyung administratibo, burokrasya, o 'governance' sa ating lipunan. Ang korupsiyon sa gobyerno, maruming eleksiyon, paghahari ng ekonomikal na mga aktor ay ilan lamang sa mga malalim na problemang estruktural na sa tingin ko ay hindi magiging madali na maresolba sa loob lamang ng 18 na buwan."

"Ang mahigit na apat na dekada [sic] ng pakikibaka ng komunistang kilusan ay sumasalamin sa pagkabigo ng kasalukuyang kaisipan at praksis demokratiko ng ating bansa—demokratikong neoliberal."

-Arjan Aguirre

Para naman kay Reyes, malaking suliranin din ang pakikialam ng sandatahang-lakas sa negosasyon. Tinitingnan umano ng militar ang usaping pangkapayapaan bilang paraan upang pasukuin ang kilusang rebolusyonaryo nang hindi naman nilulutas ang mga suliraning panlipunan.

"Dagdag pa, ang militar, may mga hakbangin silang nakakasira sa usapang pangkapayapaan. Una na riyan, ang lansakang paglabag ng karapatang pantao. Napakaraming mamamayan—mga aktibista at maging mga consultants ng NDFP. Kaya paanong yayabong ang usapan kung ang mga consultants ng NDFP ay pinagpapapatay at pinaghuhuhuli. Hindi iyan nakakatulong upang lumikha ng climate para sa pag-uusap. Iyon ang isa sa mga balakid na nilikha ng military," paliwanag ni Reyes.

ANG MABUTING ARAW AY NAKIKILALA SA UMAGA

Sa haba ng mga diskusyon ukol sa armadong pakikidigma—sa dami ng mga inosenteng mamamayan at sundalong namamatay, sa dami ng isyu at usapin na kailangang isaalang-alang sa paglutas nito—hanggang kailan ba tatagal ang pakikibaka? Nakanino nga ba ang sagot upang matigil ang putukan?

"Kung magkaroon tayo ng gobyerno na maging conscious sa demands ng national sovereignty, para sa genuine democracy," sabi ni Reyes, "hindi lamang democracy ng eleksiyon kundi democracy na naeempower economically iyong ating mga kababayan, politically as well. That would be the gauge o sukatan ng tagumpay. Kung iyang gobyerno na lilitaw sa normal na eleksiyon o sa iba pang pamaraan—through people's will o people's assertion, even outside the elections—hindi natin masasabi sa ngayon pero, ultimately, history will show, talagang papunta doon e, iyong tunguhin ng mamamayan na naggigiit ng pagbabago."

Kailangan din nating isaalang-alang na hindi lahat ng tao ay nakauunawa sa rebolusyon. Hindi madaling makipaglaban kung hindi naman alam ng sundalo kung ano ang ipinaglalaban niya. Sa panayam kay David, aniya "Sabi ng karaniwang tao, 'Kung gusto ninyong [CPP-NPA-NDFP] maging bahagi ng gobyerno, ayos lang. Pero tumakbo kayo sa eleksiyon. Hindi puwedeng masungkit mo ang kapangyarihang pampolitika mula sa gobyerno kung hindi mo isa-submit ang sarili mo sa proseso ng eleksiyon.' Sa madaling salita, hindi maiintindihan ng karaniwang Filipino ang isang rebolusyon."

Paalala rin Reyes, "Dahil sa kawalan ng lubusang malalimang pagbabago, at dahil lumalala pa nga iyong krisis, mayroon talagang tumatahak niyong ganoong landas ng paglaban. Na kahit na maraming kayabangan itong AFP na natatalo raw nila itong insurgency, kabaligtaran ang nangyayari—nananatili siya—dahil nga hindi nalulutas ng mga nagdaang administrasyon ang mga problema."

Kaya naman, paano sosolusyunan ito? Para kay Aguiire, importanteng bumalik ang administrasyong Aquino sa mga prinsipyo ng demokrasya. Aniya, "Para sa akin, hindi ito magiging madali. Ito ay nangangailangan ng malawakang pagbabagong magmumula sa ating gawa at kaisipan. Kung ating babaguhin ang mga ito, marahil ito ang magiging dahilan upang makapasok na ng tuluyan ang kilusang komunista sa demokratikong pamamaraan na pakikibaka."

Kung matatamo man ang kapayapaan sa loob ng isang taon ay masasagot lamang ng panahon at sinseridad ng mga ginoo't ginang ng magkabilang panig. Gayumpaman, hindi maipagkakaila na nananatili pa rin ang mga ugat ng tatlong dekadang hidwaan. Hindi pa rin nalulunasan ang namumutiktik na kultura ng inhustisya, kawalan ng sigla tungo sa pag-unlad at pagsulong ng pansariling interes, sa pagdurusa ng nakararaming nangangailangan. Kung patuloy na pababayaang mamayani ang mga tiwaling estrukturang ito, tiyak na magbubunga uli ng mararahas na pag-aalsa ang mga nasa laylayan. Magbabago lang ang pangalan ngunit ganoon pa rin ang sigaw. Pagbabago. Sino tayong magsasabi na mali ang kanilang ginagawa?

Sa isang bagay lamang marahil magkakasundo ang karamihan: Masyado nang matagal ang hidwaan, masyado nang maraming naisakripisyo sa ngalan ng alinmang ideolohiya, masyadong nang maraming kababayang Filipino ang nabubuhay sa anino ng takot at paniniil. Panahon na upang ibaba ang mga armas at isawagas ang mga pananaw ng alinmang panig tungo sa ikabubuti ng nakararami.

Tama si Dayanghirang nang kaniyang sabihin na "ang lahat na ito ay magiging malaking impluwensiya sa buhay ng mga kabataan sa darating na mga panahon. Ang makatuwiran at makatarungang kapayapaan ay susi sa paglago ng bansa at ng mga masang Filipino."

Mapag-uusapan kaya natin ito?

---

* Hindi tunay na pangalan

BUWAN NG WIKA AT KULTURA 2011

KaPANTAS

Kagawaran ng Filipino

PAGBIBIGAY-PUGAY KAY DR. JOSE RIZAL
AT PAGPAPARANGAL KAY DR. NICANOR TIONGSON

Timpalak TULA
Pagpapasa ng Lahok: 27 Hulyo - 10 Agosto 2011
hanggang 4:30 n.h., Kagawaran ng Filipino

Timpalak BLOG
Pagpapasa ng Lahok: 27 Hulyo - 10 Agosto 2011
hanggang 4:30 n.h., Kagawaran ng Filipino


Timpalak AWIT
Pagpapasa ng Lahok: 27 Hulyo - 10 Agosto 2011
hanggang 4:30 n.h., Kagawaran ng Filipino

Timpalak VIDEO ESSAY
Pagpapasa ng Lahok: 27 Hulyo - 10 Agosto 2011
hanggang 4:30 n.h., Kagawaran ng Filipino


Timpalak PABALAT
Pagpapasa ng Lahok: 27 Hulyo - 10 Agosto 2011
hanggang 4:30 n.h., Kagawaran ng Filipino



DR. NICANOR G. TIONGSON
NATATANGING PARANGAL
2 Agosto 2011, 9:00 n.u.
Aklatang Rizal, Pamantasang Ateneo de Manila




"Halo-Halong Wika: Bansa at Relihiyon"
Isang Panayam ni JOSE MARIO FRANCISCO, S.J.
9 Agosto 2011, 4:30 n.h.
Escaler Hall, Pamantasang Ateneo de Manila



"Jose Rizal: Manunulat at ang Ideya ng Bansa"
Isang Panayam ni DR. APOLONIO B. CHUA
16 Agosto 2011, 4:30 n.h.
Escaler Hall, Pamantasang Ateneo de Manila



KWIZ BIBO
23 Agosto 2011, 4:30 n.h.
Escaler Hall, Pamantasang Ateneo de Manila



KA POETRY JAMMING
25 Agosto 2011, 4:30 n.h.
Escaler Hall, Pamantasang Ateneo de Manila

PARA SA MGA DETALYE O KATANUNGAN PARA SA MGA TIMPALAK HANAPIN
ANG SINUMAN KINA G. MITCH CERDA, Bb. JEMA PAMINTUAN
AT Bb. CLAUDETTE ULIT SA KAGAWARAN NG FILIPINO.
426-6001 LOC.5320

ANG FAIR TRADE BILANG ALTERNATIBONG SISTEMA TUNGO SA MAS PATAS AT MAS MAKATARUNGANG KALAKALA

Sigaw ng Bayan

KALAKALANG PATAS, KALAKARANG DAPAT?

nina Robert Alfie Peña at Victorino Mariano Floro
sining ni Larz Diaz
lapat ni Geneve Guyano

KALIWA'T KANAN ang mga panawagan ng pagbabago sa namamayaning sistemang pangkalakalan. Kung titignan, ang paraan ng pagkonsumo ng tao ang itinuturong salaring nagdulot ng maraming problemang kinakaharap ng mundo ngayon. Nariyan pa rin ang mga dati nang problema ng kahirapan, gutom, at kawalan ng kabuhayan. Maging ang pandaigdigang pagbabago ng klima ay sinasabi ring bunga nito. Hindi rin malilinis ang bahid ng sala ng kasalukuyang sistema sa nangyaring pagkamatay ng mga isda sa Batangas at Pangasinan. P190 milyon ang idinulot nitong pinsala sa kabuhayan ng mga taong umaasa sa kanilang huli.

Sa kabilang banda, hindi maaaring hindi humanap ng ibang paraan ang tao. Kailangan maghanap ng sistemang mapakikinabangan ng lahat.

Marami nang mga paraan ang umusbong batay sa prinsipyong ito, at isa na nga rito ang Fair Trade o kalakalang patas. Sa sistemang ito, sinisigurong nakabatay ang produksiyon sa mga makatarungang prinsipyo.

ANG DI-MAKATARUNGANG SIMULA

Ang Fair Trade ay isang alternatibong paraan ng kalakalang nakabase pa rin sa merkado. Tinutulungan nito ang mga prodyuser, lalo na ang mga nasa papaunlad na bansa, sa pamamagitan ng pagbabayad ng mas mataas o ang 'patas' na presyo para sa kanilang mga produkto. Bahagi rin ng fair trade ang pagsunod ng produksiyon sa mga makatao at makakalikasang pamantayang nagsusulong ng sustainability. Ayon na rin sa World Fair Trade Organization (WFTO), ang fair trade ay "isang pangkalakalang partnership na batay sa diyalogo, katapatan at respeto, na nilalayon ang mas malawak na pagkakapantay-pantay sa kalakalang internasyonal."*

Nagsimula ang kasalukuyang anyo ng fair trade sa Mennonite Central Committee (MCC), isang grupo ng mga Kristiyanong Anabaptist na nakabase sa Estados Unidos at Canada. Ang MCC ang nagbukas ng ruta sa mga produktong fair trade mula sa mga papaunlad na bansa. Ayon kay Gabriel Ma. J. Lopez, tagapangulo ng Advocate of Philippine Fair Trade, Inc. (APFTI), isang grupong nagsusulong ng fair trade dito sa Filipinas, nakita ng mga Kristiyanong komunidad ang di-makatarungang kondisyon ng mga manggagawa at prodyuser kaya nila inumpisahan ang fair trade.

Inilarawan pa ni Lopez ang mga kondisyong pinagsimulan nito. "Unang-una, hindi nakabubuhay ang pasahod. Ikalawa, ang mga kondisyon sa pagawaan, sweatshop, at ikatlo, walang bahagi ang mga prodyuser sa kita, mga middlemen ang kumukuha. At saka pa, nasa alanganin ang mga prodyuser na pinagagawa mo ng kung gaano karami, wala namang kapital," ayon sa kaniya.

Dito naman sa Filipinas, nagsimula ang fair trade noong dekada '80 dahil sa krisis sa asukal at kape. Bumagsak ang presyo ng mga nasabing produkto sa pandaigdigang merkado. Nalugi at nabaon sa utang ang mga magsasaka. Upang matulungan sila, sinimulan ng People's Recovery, Empowerment Development Assistance Foundation (PREDA), Community Crafts Association of the Philippines, at Oxfam ang pagpapatupad ng mga prinsipyo ng fair trade sa bansa. Nagsilbi silang tagaangkat ng mga lokal na produkto.

Halimbawa ang nangyari sa Filipinas ng sinasabing pagkadehado ng mga prodyuser sa mga papaunlad na bansa sa kalakalang internasyonal. Ito ang nais buwagin ng fair trade sa pamamagitan pagbili ng mga produkto ng prodyuser sa mas mataas na presyo habang tinatanggal ang mga namamakyaw na di-hamak na mas mura kung mamili.

TUNGO SA TAO

Ayon kay Lopez, maliit ang merkado ng fair trade sa Filipinas. Bagaman maraming mga organisasyon ang nagsusulong nito, hindi pa rin maaninagan ang fair trade sa agos ng pampub-

likong diskurso. Sa taya ni Lopez, wala pang limang bahagdan ang kontribusyon ng fair trade sa ekonomiya ng bansa. Maliit man ito ngayon, patuloy naman umano ang paglago nito.

Isang fair trader si Charlene Tan. May pagkakapareho ang pagsisimula ng kaniyang Good Food Co. sa mas malaking kilusan ng fair trade. Umusbong ang kaniyang kompanya mula sa grupo ng 12 kataong kasapi ng Christian Life Community (CLC). Naghahanap lamang umano sila ng apostolado. Nataon namang bahagi rin si Tan ng NGO na Sibol ng Agham at Teknolohiya, Inc. (SIBAT) na nagbibigay ng teknikal na kaalaman sa mga magsasaka ng Capas, Tarlac ukol sa organikong pagtatanim.

> "Ito 'yong bahay nila noon. Ang bahay nila noon, isang kuwarto, nipa ang bubong, sawali ang gilid, ang sahig ay graba. Walang koryente. Babalik kami 'pag tapos ng tatlong taon, hollow blocks na ang dingding, galvanized ang [bubong], meron silang TV, merong washing machine. Tapos, sementado na ang sahig."
>
> -Gabriel Ma. J. Lopez, Advocate of Philippine Fair Trade, Inc. (APFTI)

Mayroon nang kaalaman sa organikong pagtatanim ang mga magsasaka, ngunit kawalan ng "insentibo at mas malaking kabuhayan" mula rito ang naging problema nila, ayon kay Tan. Natutuhan naman nila sa ilang boluntaryo sa UK ang konsepto ng agrikulturang pinagbabahaginan ng komunidad. Dito pumasok ang Good Food Co. bilang tagabili ng ani ng mga magsasaka: "Mukhang simple, kukuha ka lang ng 20 tao sa lungsod [na bibili], tapos, 'yong mga magsasaka. Kinausap ko 'yong mga kaibigan ko, tapos 'yon na."

Nagmula ang kanilang kapital sa kampanyang "I Am A Changemaker" ng British Council. Ang Good Food Co. ang nanalo para sa pinakamagaling na idea ng isang social enterprise sa NCR noong Hulyo 2010. Nagkamit sila ng P100,000 bilang gantimpala. Bukod pa rito, mayroon ding kontribusyon ang mga miyembro ng kompanya.

Ayon kay Tan, medyo nag-aalangan ang mga magsasaka noong una. Natuwa ang sila sa pagkakaroon ng dagdag na kita, ngunit nagdadalawang-isip dahil na rin sa unang beses nila itong gagawin. Sa kasalukuyan, sila pa umano ang nangunguna sa pagsubok sa mga bagong bagay. Sa ngayon, 11 magsasaka na ang sa Capas Organic Farmers Association (COFA) na siyang kaakibat ng Good Food Co.

PARA SA TAO

Dito sa Filipinas, nananatiling maliliit na prodyuser ang pokus ng fair trade. Ang mga grupong nagsusulong ng fair trade ang nagbibigay ng kapital upang makapagsimula ng produksiyon. Para kay Lopez, "ang [pinakamahalagang] gawain bilang isang fair trader ay ang pagbibigay ng kapital para sa produksiyon. Kung wala 'yon, balik na naman sa utang-utang. Saan kukuha ng pera itong mga prodyuser, malilit lang sila? E di magsasangla, mangungutang, magpa-5-6."

Para sa mga malalaking organisasyong fair trade, 50% agad ang ibinibigay nila sa mga prodyuser bilang kapital. "Nakapagsisimula ka, hindi mo ginugulangan 'yong mga nagtatrabaho sa iyo. Mayroon kaming patunay sa mga resulta ng ginawa namin. Sa Salay, Misamis Oriental. Maliit lang na bayan. [Nakipagtulungan] kami sa maliit na grupong Salay Handmade Paper Industries, Inc," ani Lopez. Ipinagmalaki niya na world-class ang mga produkto ng Salay. Nagsimula silang makipagtulungan sa mga taga-Salay noong 1997 sa panimulang kapital na P200,000. Ang naging balik sa kanila ng puhunan ay umaabot sa 50-60%.

Malaki na umano ang ipinagbago ng buhay ng mga prodyuser ayon kay Lopez: "Ito 'yong bahay nila noon. Ang bahay nila noon, isang kuwarto, nipa ang bubong, sawali ang gilid, ang sahig ay graba. Walang kuryente. Babalik kami 'pag tapos ng tatlong taon, hollow blocks na ang dingding, galvanized ang [bubong], meron silang TV, merong washing machine. Tapos, sementado na ang sahig." Kadalasang nasa 10% mas mataas sa presyo sa merkado ang pagbili ng mga organisasyong fair trade sa mga produkto. Sa kaso ng Good Food Co., 20% ang idinaragdag nila sa karaniwang presyo ng mga gulay.

Iba naman ang nakita ni Tan sa mga magsasaka sa COFA: "Nakikita ko lang, 'yong saya. Kada linggo, nagkikita-kita sila para i-deliver ang mga gulay. Kumakain sila kasama ang mga taga-NGO. 'Pag tapos ng kainan at usapan, kinukuha na nila 'yong bayad. Pagbuo ng komunidad, kumbaga."

Ayon sa pa Oxfam, 73% ng mga miyembro ng Bahay Pangarap (isa sa kanilang mga partner na prodyuser) ang mabubuhay sa hirap (sa ilalim ng poverty threshold) kung wala ang fair trade. Tinatayang 33% naman ang maguguton (sa ilalim ng food threshold) kung wala ang fair trade.

MAKATARUNGAN NGA BA?

Basehan ng presyo ang batas ng suplay at demand sa ekonomiks. Kung mataas ang demand at mababa ang suplay, mataas ang presyo. Dito sa Filipinas, hindi lamang lokal na suplay ang iniisip kundi maging ang mga inaangkat kaya karaniwang tumataas ang presyo kung mataas





ang presyo sa pandaigdigang merkado. Mula sa estadistika ng World Trade Organization, ang European Union, Estados Unidos, at Brazil ang tatlong pinakamalaking nag-e-export ng produktong agrikultural sa mundo. Kaya naman sa mga bansang iyon nakasalalay ang presyong pandaigdig.

Ayon kay Tan, "May suliranin ng faceless demand ang kasalukuyang sistema. Nakukuha ng tao ang gusto nila kung kailan nila gusto. Tila pinipili ang presyo bago ang tao. Affirmative action ang ginagawa ng fair trade."

Kahit maganda ang layunin ng fair trade, maraming kritisismo at puna ang ipinupukol dito ng neoklasikal na ekonomiks. Sa teorya pa lamang kung ano ang makatarungan sa kalakalan, may hidwaan na ang dalawa. Para sa mga neoklasiko, hindi dapat pakialaman ang merkadong nakabatay sa laissez-faire at teorya ng invisible hand ni Adam Smith. Mas nagiging di-makatarungan ang fair trade dahil binibigyan nito ng bentahe ang mga prodyuser nito dahil sa epekto ng pagkakaroon ng "pangalan." Mas nakasasakit pa umano ito sa mga nais nitong tulungan.

Mula sa "Forget Fairtrade Fortnight, let the market work" (nailathala sa website ng Adam Smith Institute) ni Michael Munger, propesor sa Duke University: "Pinipigil ng fair trade ang pag-angat ng produksiyon. Sa pamamagitan ng pagbalik sa di-produktibong paggawa, iginagapos ng fair trade ang mga tao sa mahihirap na bansa sa mga tradisyonal na papel, at tradisyonal na paraan ng paggawa." Hindi umano gumagana ang fair trade para sa isang malaking merkado tulad ng merkadong pandaigdig na mismong nais baguhin ng mga nagsusulong ng fair trade.

Ayon kay Munger, "Tinataasan ng fair trade ang gastos sa mga konsumer. Mas malala pa, ginagawang alipin ang mga nais nitong tulungan sa pamamagitan ng mga posas ng pekeng subsidiya at pinabagal na pag-unlad." Parehong mga argumento ang inilahad ni Marc Sidwell sa kaniyang "Unfair Trade" na nailathala rin sa website ng Adam Smith Institute.

Ngunit ayon naman kay Tan, "Wala akong tiwala sa invisible hand ni Adam Smith. May nagagawa ang merkado at may hindi ito nagagawa. Kung hindi nito mapagkakalooban ang mga taong dapat nitong pagkalooban, gawin natin 'yong magagawa natin. Dapat bumalik tayo sa diyalogo, para kasing namimili tayo sa pagitan ng mga tao at mga patakaran." Para sa kaniya, nasa moral at etikal na nibel ang depenisyon ng makatarungan sa fair trade at lumalagpas ito sa puna na hindi ito makatarungan sa iba. "Kailangan munang kausapin ang mga tao, malaman kung ano ang makatarungan para sa mga magsasaka. Gawin ang marangal na paraan sa pangangalakal," aniya.

> "Wala akong tiwala sa invisible hand ni Adam Smith. May nagagawa ang merkado at may hindi ito nagagawa. Kung hindi nito mapagkakalooban ang mga taong dapat nitong pagkalooban, gawin natin 'yong magagawa natin. Dapat bumalik tayo sa diyalogo, para kasing namimili tayo sa pagitan ng mga tao at mga patakaran."
>
> -Charlene Tan, Good Food Co.

Para naman kay Lopez: "Sinusubukang baguhin ng fair trade ang pagtingin sa merkado. Ang merkado ngayon kasi, kung ano ang demand, kung meron kang suplay, maaari kang magbenta depende kung ano 'yong competitive. Hindi competitive ang fair trade, ang fair trade ay transformative. Hindi nito pinayayaman ang mga mayaman nang kapitalista, kundi sinusubukang ipamahagi 'yong bahagi ng produksiyon."

KALAKARANG DAPAT?

Madalas na nakalilimutan ng mamimili na may pinagmumulan ang mga gulay at produkto na kanilang tinatangkilik. Bukod pa rito, madalas na nakalilimutan din ang mga prodyuser sa presyong hinahatol ng sistema ng libreng merkado. Upang baguhin ito, may ilang organisasyon dito sa Filipinas ang nagtataguyod ng fair trade hango sa mga ehemplo ng ibang grupo sa Europa at Estados Unidos. Ngunit, marami ang nagsasabing walang katarungan sa dapat sana'y makatarungang kalakalan.

Para kay Tan at sa iba pang nagtataguyod ng fair trade, kailangan munang iwasan ng fair trade ang pagiging isa lamang "pangalan." Nais nilang magsimula ang diskurso sa kung ano ang makatarungang kalakaran para sa lahat.

"Ano ang ibig sabihin na fair trade? Label lang ba ang hinahanap natin? Paano kumikilos ang mga kompanyang fair trade sa mismong pinagmumulan ng mga produkto? Nais kong maging adbokasya ito, maging konektado ang bawat tao."

Nagkakasundo sina Lopez at Tan na hindi sostenible ang kasalukuyang sistema. Isinusulong ngayon ni Lopez at ng APFTI ang fair trade bilang pangmatagalang programa ng gobyerno: "Minsan may mga pantawid-gutom. E pantawid lang talaga. Isang tawiran lang, tapos na! Next day, gutom na naman. Mentras ito [fair trade], hanapbuhay, hanap-buhay. Buong buhay, hindi 'yong pantawid-buhay [lamang]."

Para kay Tan, higit pa sa pagiging mga organisasyong fair trade, dapat umanong "isulong ang isang alternatibo, mas sostenibleng paraan ng paggawa," ng mga nagtataguyod nito. Dagdag pa niya, "Dapat pahalagahan ang mga tao, ang mga prodyuser mismo, at hindi lang ang demand ng mga tao."

---

*Isinalin ang mga siping nasa Ingles.

PAGSISIWALAT: BULONG NG MGA TAGAPAGBUNYAG

nina Pao Hernandez at Raph Limiac
kuha ni Larz Diaz
lapat ni Meg Castrillo

"**ANG** mga Pilipino madaling makalimot," ani Kgg. Priscilla Mijares, dating asawa ng desaparesidong si Primitivo "Tibo" Mijares na dating PR (Public Relations) man ni dating Pangulong Marcos. Pinamunuan ni Tibo ang National Press Club, Malacañang Press Corps at Media Advisory Council. Dahil dito, tinagurian siyang "Niño Bonito ng presidente." Trabaho niya na ituon ang atensiyon ng mga mamamahayag sa mga nararapat na pagtuunan ng pansin batay na rin sa utos ng dating pangulo.

Maayos sana ang relasyon ni Tibo sa dating pangulo ngunit nagkaroon sila ng tinawag ni Judge Mijares na "hindi pagkakaunawaan." Sinundan iyon ng pagpapalabas ng niño bonito ng pormal na pahayag ng pagtalikod sa rehimeng Marcos. Tumestigo si Tibo sa kongreso ng Estados Unidos na duminig ng isyu ukol sa hindi demokratikong pamamahala ng bansa. Isinulat niya ang "The Conjugal Dictatorship of Ferdinand and Imelda Marcos"—isang librong nagsiwalat ng maruming palakad ng diktadura. Doon ibinahagi niya ang sadyang pagpapatingkad at pagkukubli ng mga nangyari noong bago pa man ideklara ang batas militar. Doon ibinigay niya ang para sa kaniya'y totoong imahen ng martial law.

Hindi na nakauwi si Tibo matapos noon. Nanatili siya sa Amerika hanggang sa ideklara nang nawawala. Kuwento ni Judge Mijares, "Hindi namin alam. 'Yong mga pangyayari ngang iyan ibinahagi lamang sa amin pagkatapos na ng [1986] rebolusyon." Aniya, maski ang pagsulat ni Tibo ng libro, ibinalita lamang sa kaniya ng mga kaibigan nitong nagpunta sa US. Napagkasunduan ng mag-asawang huwag nang mag-ugnayan kahit sa telepono dahil malaki ang posibilidad na "tapped" na ito. Mahigpit na kasing binabantayan ang mag-anak ni Tibo kaya kahit pa inialok ng pamahalaan ang dating trabaho nito at mga karagdagang benepisyo ay tumanggi pa rin siyang umuwi. Sagot pa niya sa asawa, "I will not believe that, gagawin nila akong Ninoy diyan."

Noong mga panahong iyon, patay na ang dating senador.

TAKUTAN: PAGPAPAURONG SA MGA TAGAPAGBUNYAG

Palagiang takot—iyan ang nararamdaman ng mga gaya ni Tibo na piniling maghayag ng kanilang nalalaman. Sila ang mga tinatawag na "whistleblowers" o tagapagbunyag: ang mangilan-ngilang hindi na matiis ang kanilang nakikita, naririnig o ginagalawang puno ng katiwalian. Kadalasan, nakatuon ang kanilang pagbubunyag sa mga kaso sa pamahalaang dala na rin ng pananagutan nila sa mamamayan bilang lingkod-bayan. Kadalasan din, mahaba at masalimuot ang kanilang pinagdaraanan para lamang magbunyag ng nalalaman.

Paglalarawan nga ni Jun Lozada, kilalang testigo sa kaso ng NBN-ZTE, "Malaking takot, siguro [ang] kaba ay hindi angkop na salita [para sa] naramdaman ko noong nakita ko na iyon nga, may mga lalaki na hawak ang larawan [ko] at nag-aantay." Tinutukoy ni Lozada ang pagdukot umano sa kaniya sa Ninoy Aquino International Airport Terminal 1 noong Pebrero 2008. Dagdag pa niya, "Ang nasa likod ng aking isipan, iyong malaking bagay na [aking] pinag-aalala, puwede akong mawala at puwede akong itanggi noong mga awtoridad na nasa kamay nila ako."

Magkaganoon man, mapalad pa ring maituturing si Lozada—nakabalik pa siya at nakaharap sa Senado para sa paglilitis ng kaso. Ngunit tulad ng iba pang tagapagbunyag, aniya, "Para na 'tong isang panibagong buhay—hindi lang ng buhay ko, buhay na rin ng aking pamilya." Hindi na malayang mamuhay ang pamilyang Lozada gaya ng karaniwang mamamayan. Ilang buwan silang nanahan kasama ang La Salle Brothers at ngayon, bagaman nakapagsarili nang muli, kinakailangan pa kumonsulta ng mag-anak para sa kanilang kaligtasan.

Hindi nawawala ang ganitong pananakot sa mga tagapagbunyag. Malinaw ang gampanin



ng mga pananakot na ito—ang pigilin ang paglabas ng katotohanan. Marahil ito rin ang huling pagkakataong ibinibigay sa mga tagapagbunyag upang manahimik na lamang, magtago at magpakalayo-layo. Binibigyan ng mga nananakot ang tagapagbunyag ng opsiyong piliin ang kanilang sarili o tahakin ang landas na napakamahal.

PRESYO NG KATOTOHANAN

"Iyon (pagiging tagapagbunyag) ang matagal ko nang natanggap na tungkulin sa buhay, tungkulin sa bayan, na ipagkait sa sarili ko [at] sa pamilya ko ang napakaraming bagay," mabigat na pagsasalaysay ni Lozada. Ibinahagi niyang talagang nakapagpapasuko ang kahingian ng pagiging tagapagbuyag. Unang-una dito ang usaping pinansiyal. CEO si Lozada at IT konsultant, masasabing maginhawa ang pamumuhay nila, ngunit sa dalas ng pagdinig sa kaso ng ZTE at sa 15 pang kasong isinampa sa kaniya, wala na siyang panahon maghanap-buhay. Kumikita na lamang siya sa pagiging konsultant sa ilang paaralan.

Malaki rin ang dagok sa seguridad ng mga tagapagbunyag. Si Judge Mijares ay nawalan, hindi lamang ng asawa kung hindi pati na rin ng labing-anim na taong gulang na anak. Aniya, "Ang bunso naming anak na si Luis, ang pinarusahan at pinatay noong Martial Law. Mga sundalo ni Heneral [Fabian] Ver ang kumuha sa kaniya. He was tortured brutally to death." Dahil sa pagtiwalag ng kaniyang asawa, nadamay ang kaniyang bunso. Kinaibigan umano ang binata, pinakain at inalok manood ng sine saka dinukot. Pinalabas pa umanong para sa ransom ang pagdukot at pinaghanda sila ng P200,000 ng mga nagpakilalang 'Bangsamoro.' Ang hindi nila alam ay patay na si Luis ng mga panahong iyon.

Nariyan pa ang palagiang pagtuligsa sa pagkatao ng tagapagbunyag. Ani Lozada, "Sino ba ang makakaisip na mapupunta [ako] sa ganoong buhay na makukulong ako, gigisahin ng mga senador, mga sinasabing matitikas na brodkaster, babanatan ka ng mga mahal na abogado na mababayaran ng kliyente nila." Pati raw ang mga dating kaibigan, mawawala. Binigay niyang halimbawa ang isang heswita sa Ateneo na humingi ng suporta sa mga kardinal at obispo, pati na sa mga estudyante nito upang kuwestiyonin ang kaniyang pagkatao.

Ani Lozada sinabi sa kaniya ng heswita na, "Huwag mong sabihin ang katotohanan. Ipagtatanggol kita doon sa mga gusto kang saktan. Kilala ko sila kaya ko silang pigilan pero huwag ka nang magsabi ng katotohanan." Nang hindi sinunod ni Lozada ang payo ng kaibigan, pinasimulan niya ang kampanya laban sa tagapagbunyag.

> "Mahalaga ang suporta ng tao na nagsasabi, gusto ipaglaban o panindigan ang katotohanan kasi iyan lang naman ang magbibigay ugat sa katarungan. At ang lipunang wala ring katarungan ay wala ring kapayapaan."
>
> -Jun Lozada

Bukod pa rito, isinalaysay din niya ang umano'y pilit na pandidiin ng isang bayarang mamamahayag sa isang press conference. Bilang tugon sa mga akusasyon, sinabi niya na, "Halika, samahan mo ako rito, ikukumpisal natin sa buong bayan ang kasalanan natin pareho." Pagkatapos noon, umalis daw ang mamamahayag.

PANANGGALANG NG MATATAPANG

Upang tulungan ang mga tagapagbunyag, nariyan ang mga samahang nakatuon sa paglaban sa korupsiyon. Kabilang dito ang mga samahang may kaugnayan sa relihiyon gaya ng Association of Major Religious Superiors of the Philippines (AMRSP) na tumulong kay Lozada. Sa pamamagitan ng mga proyekto ng mga samahang ito, ipinaaalala sa mga mamamayan ang laban ng mga whistleblowers. Halimbawa nito ang "Blow Your Whistle for the Brave" na ginanap sa labas lamang ng Ateneo at nilahukan ng mga estudyante at ng Mabuting Filipino Movement, isang samahan sa ilalim ng Akbayan.

Pahiwatig ni Risa Hontiveros, kinatawan ng Mabuting Filipino Movement, "Kailangang may mga sandali na may magsabi ng totoo para ma-engganyo, mainspira ang mga taong kumilos." Aniya, napapansin ng kanilang samahan na sa bawat pagkakataon ng malawakang pagbabago, palagiang may mitsang nagpapasimula nito at malaki ang kontribusyon ng mga tagapagbunyag dito

Sa lehislatura naman, nariyan ang RA 6981 o Witness Protection, Security and Benefit Act upang tugunan ang panganib na ibubunga ng pagbubunyag. Bibinigyang-proteksiyon ng batas ang mga whistleblower laban sa pananambang, pananakot at pagkatanggal sa trabaho kung papayag silang tumestigo sa korte. Higit pa, napapaloob dito ang pagbibigay ng badyet para sa pagdalo sa mga pagdinig at libreng serbisyo medikal kung sakaling may mangyari sa tagapagbunyag dahil sa pagtestigo. Kung sa kinasamaang palad ay napatay ang testigo habang nasa ilalim ng proteksiyon, makatatanggap ang kaniyang pamilya ng hindi bababa sa P10,000 na pampalibing at libreng edukasyon mula elementarya hanggang kolehiyo para sa mga umaasa sa testigo.

Para sa maraming mambabatas, kulang ang mga benepisyong ito dahil maraming nakahaing enmiyenda sa nasabing batas. Isa na rito ang kinatawan ng Bayan Muna na si Neri Colmenares. Siya at ang kapuwa kinatawang si Teodoro Casiño ang nagsulong ng HB 0132. Sa ngayon, pasado na ang panukala sa mababang kapulungan. Paliwanag ni Colmenares, "Ganito rin 'yong sa DOJ, pero ang problema sa [programa ng] DOJ ay wala itong malinaw na

procedure sa confidentiality and protection." Ipinaliwanag ni Colmenares na tinutugunan ng panukalang batas ang dalawang aspekto: proteksiyon sa nibel na pisikal at hindi pisikal (harassment, diskriminasyon), at kabuhayan ng mga testigo.

Aniya, "Puwede namang hindi pisikal na pananakot, pero may harassment sa 'yo. Iyong mga text, iyong [sa] pamilya mo, diskriminasyon sa opisina. Lahat ng ito pinahihina ang loob ng mga testigo."* Naisip ng mga kinatawang magkaroon din ng pabuya nang sa gayon ay mahikayat na tumestigo ang mga nananahimik. Kontrobersiyal ngunit hindi bago ang pamamaraang ito sa pagsugpo sa katiwalian. Matagal na itong laman ng mga batas na inihahain sa Senado at sa Kongreso para sa mga testigo at ipinatutupad na rin sa ibang bansa gaya ng South Korea.

Dagdag pa ni Colmenares, "Ang pondong matitipid natin sa pamamagitan ng whistleblowing ay grabe. Halimbawa, sa NBN-ZTE deal. Gaano kalaki ang matitipid? Halos $200 milyon. Dahil ibinunyag ni Jun Lozada, hindi natuloy ang kontrata ng NBN-ZTE na lagpas-lagpas ang presyo na hindi bababa sa $200 milyon." Para sa kaniya, mas maigi nang paglaanan ng badyet ang paglilinis sa gobyerno kaysa maubos ito sa mga proyektong pinapatungan ng malaking halaga ng mga tiwaling opisyal.

BAGONG HAMON AT ESPASYO

Malaki ang maitutulong ng HB 0132 kung sakali, ngunit hindi pa rin nawawala ang panganib sa pagsasalita. Ayon nga sa dating whistleblower at ngayo'y kinatawang si Willie Villarama, "Kailangang ang Pilipino, matapang kung nakikitang patas ang laban. E anong laban nila?" Kaya naman nauunawaan daw niya ang pananahimik ng mga nakaaalam at ang pangangailangan ng bagong kondisyon para sa kanila. Sa ganang ito, itinataguyod niya ang July 1, 2010-Para sa Bansa Movement nina dating Heneral Danny Lim at Fr. Robert Reyes na tinaguriang "running priest."

Ginagamit ng nasabing samahan ang teknolohiya upang ilunsad ang "anonymous whistleblowing"—online whistleblowing kumbaga. Pinasasagutan nila ang "Anonymous Contact Form" na tanging pahayag at patunay na dokumento lamang ang hinihingi: walang pangalan, walang numero, wala kahit pa ang IP address ng kompyuter. Sa ganitong paraan, nawawala ang napakalaking balakid sa pagsasalita ng mga tagapagbunyag. Nagiging higit na ligtas ang pagbubunyag.

Isang bagong hamon ang dala ng ganitong estilo ng pagbubunyag. Sa isang banda nariyan ang pagdududa sa impormasyong ibinibigay ng mga walang mukhang tagapagbunyag. Maaaring maging espasyo lamang ito ng paninira at hindi ng katotohanan, ngunit ayon na rin kay Villarama, inaaral nang mabuti ng samahan ang bawat kaso bago gumalaw. Sa isa pang banda, isa itong oportunidad para sa mga nais magsalita ngunit hindi tumutuloy dala na rin ng takot para sa sarili at sa pamilya.

PAG-ALALA SA MGA NANGAHAS

Napakahalaga ng gampanin ng mga nakaaalam ng katiwaliang nagaganap sa transpormasyon ng lipunan. Ani Hontiveros, mahalaga ang mga tagapagbunyag dahil "sila iyong nagsasabi ng hindi namin kaya malaman mula sa labas." Ang mga taong ito ang nagiging susi para unti-unting malinis ang sistema lalo na sa pamahalaan.

Napakahirap. Sabi nga ni Lozada, "Bakit mo tatanggihan iyong ilang daang milyong piso, puwede pang umabot ng mahigit isang bilyong piso lalong-lalo na sa lipunang ang sukatan ng pagiging matagumpay ay iyong gaano karami ang materyal na bagay na mayroon ka. Lalo na sa puntong kahit na ang sukatan ng pagiging isang mabuting tao ay kung gaano karaming materyal na bagay ang kayang ipamigay ng taong iyan." Aniya, parang walang saysay ang ginagawa mo kung ito ang basehan at hindi ang prinsipyo at pananampalataya. Paniwala niya, ganito man kabigat ang kahingian, nararapat pa ring magsalita. Susog niya,
"Sa gustong manindigan para sa katotohanan, presyo niyan ay buhay mo. Sa gustong ipagkait ang katotohanan, ang presyo niyan, kaluluwa."

Buhay ang kapalit ng pagsasalita. Sa bigat ng kahingian, marahil marami ang tatalikod na lamang. Ngunit may mga taong pinipili pa rin ito. Mahalagang suportahan natin sila dahil sabi nga ni Jjudge Mijares, kapag hindi pinag-usapan, makakalimot tayo. Kung makakalimutan natin, paano na ang estado ng katotohanan? Ani Lozada, "Mahalaga ang suporta ng tao na nagsasabi, gusto ipaglaban o panindigan ang katotohanan kasi iyan lang naman ang magbibigay ugat sa katarungan. At ang lipunang wala ring katarungan ay wala ring kapayapaan." Kaya palagay ni Hontiveros sa mga lumipas nang kaso, "Mahalaga pa rin sana na madokumento ' yan at maisama sa patuloy na naratibo ng mga whistleblowers."*

---

*Isinalin ang mga siping nasa Ingles.

Para kay Marlene Esperat† na lumaban at hindi nawalan ng pag-asa. Sana'y walang lumimot.



PANANALAPI NG MATANGL


	Quantity	Unit Price	Total
Publikasyon			
Unang Regular na Isyu	4,500	48.65	218925.00
Ikalawang Regular na Isyu	4,500	48.65	218925.00
Ikatlong Regular na Isyu	4,500	48.65	218925.00
Ikaapat na Regular na Isyu	4,500	48.65	218925.00
Ikalimang Regular na Isyu	4,500	48.65	218925.00
Ikaanim na Regular na Isyu	4,500	48.65	218925.00
Web Domain (1 year)			3287.65
Official Statements			0.00
subtotal			1,316,837.65
Human Resources			
General Assemblies	3		3,226.75
Training Seminars / Team Building Seminars	2		2,246.00
Educational Discussions	2		1,324.35
Evaluation Seminars	2		37,068.00
Tambay Week	1		922.35
Christmas Party	1		5,156.00
Matanglawin Sportsfest	1		1,947.00
Off-campus Seminars			0.00
Basic Mass Integration	1		2,534.00
Conferences/CEGP			7382.00
Proklamasyon			2240.00
subtotal			64,046.45
Mga Natatanging Proyekto			
Rubdob	1	15,000.00	15,000.00
National Situationers	3		0.00
Anniversaryw	1		20,310.00
Gawad Matanglawin (Hulagway & Bertigo)			10,233.70
subtotal			45,543.70
Production Supplies			
Miscellaneous office supplies			2,819.18
DVD-R			950.00
Digital Voice Recorder	2	1,380.00	2,760.00
Printer Ink (Black)	3	600.00	1,800.00
Printer Ink (Color)			1,464.00
USB Drives	2	350.00	700.00
Art Materials			350.00

AWIN: TAONG 2010 - 2011

	Quantity	Unit Price	Total
Cabinet Repair			275.00
DSLR Repair			1839.60
Prod Meals			900.00
subtotal			13,857.78
Writing/Research Materials			
Time Magazine (1 year subscription)	1	3,132.00	3,132.00
subtotal			3,132.00
Interviews			
Transportation			3,320.00
subtotal			3,320.00
Promotions			
Summer Recruitment Week		494.00	495.00
1st sem Recruitment week			2,716.50
National Situationer posters		420.00	420.00
Hulagway posters		0.00	0.00
Gawad Matanglawin Posters		0.00	0.00
Rubdob poster			
Bertigo posters			
Promo board		0.00	0.00
Tarpaulin		0.00	0.00
Anniversary			470
Videos		0.00	0.00
subtotal			4,101.50
Others			
Archives			0.00
Tokens for Speakers			
General Assembly			488.00
Training Seminars/Team			600.00
Building Seminars (6 each)			
Educational Discussions			398.00
Christmas Party			0.00
National Situationer			200.00
Payroll			441.69
Maintenance Overtime			1681.68
subtotal			3,809.37
Grand total			1,454,648.45



Nagkalat sa Katipunan kaming peregrino
pinandidilig ang pawis sa tigang na abenida.



Sukbit namin sa likod an
upang ikalakal sa estran



Binubusog ang matang di-mapinid ang husga
sa inihahain naming lugmok na hitsura.



Taimtim na minamalas ng pagal na paa
ang bawat matapakang aspaltadong dalita



g tinilad na pag-asa
gherong tadhana.



Hanggang aming masipat ang pulang tala
na magtuturo sa Mesiyas ng manggagawa.

kuha ni Larz Diaz
titik ni Fred Cruz

Pulsong Atenista

Mga Matang Sumusubaybay

Pagpapakilala sa Discipline Committee at sa kultura ng disiplina sa Ateneo

nina Kevin Ross Nera at Arnold Lau
sining nina Mikhail Clyde Manginsay
lapat ni Eldridge Tan

Disiplina. Isang katangiang paulit-ulit na sinusubukang maikintal sa bawat estudyante ng mga Paaralang Loyola. Upang matupad ang mithiing ito, ipinatutupad ng Associate Dean for Student Affairs (ADSA) ang ilang programa tulad ng Integrated Non-Academic Formation (INAF) program na kinabibilingan ng INTACT, NSTP, JEEP at Immersion. Noong nakaraang taon, naglabas din ang ADSA ng Code of Academic Integrity (CAI) upang higit na mamulat ang mga estudyante't propesor sa mga batas hinggil sa mga kasong tulad ng plahiyo at pandaraya. Bukod sa mga ito, kabilang din sa mga hakbang ng ADSA ang pagkakaroon ng tinatawag na Discipline Committee (DComm).

DISCIPLINE COMMITTEE

Sa kabuuan, 10 ang miyembro ng nasabing komite. Nasa ikaapat na taon at bahagi ng Central Board ng Sanggunian ng mga Mag-aaral ng mga Paaralang Loyola ng Ateneo de Manila ang dalawa sa kanila. Dala na rin ng pangalan ng komite, nakikita ang DComm bilang tagalitis sa mga nagkakasalang estudyante at tagapagbigay ng karampatang parusa sa kanila. Hindi
malinaw para sa marami ang papel na ginagampanan ng DComm sa komunidad ng mga Paaralang Loyola.

Ayon kay Rene Salvador R. San Andres, Associate Dean for Student Affairs, "Ang tungkulin ng DComm ay palitawin ang katotohanan. Ang trabaho nila ay magtanong, tingnan ang iba't ibang bahagi, ang iba't ibang aspekto ng mga kaso, upang mapalitaw nila ang katotohanan sa abot ng kanilang makakaya." Hindi nito sakop ang pagbibigay ng desisyon o pagpapataw ng parusa sa mga estudyanteng may kaso. Bagkus, nagbibigay lamang ang DComm ng mga rekomendasyong sa Pangalawang Pangulo para sa mga Paaralang Loyola (VP). Ang VP ang may huling salita.

Dahil nasa ilalim ng ADSA ang DComm, iba ang ginagampanang papel ni San Andres. "Hindi ako ang head, ako ang prosecutor. Ako 'yong nag-iimbestiga kung may sapat bang batayan o ebidensiya upang kasuhan [ang isang estudyante]. Tagamasid lamang ako. Opisina ko rin ang parang kalihim, naghahanda ng papeles, tumatawag sa mga miyembro ng komite."

MGA KASO AT PROSESO

Upang umakyat ang isang kaso sa DComm, kinakailangang may maghain ng reklamo sa ADSA. Ani San Andres, "Kahit sinong kasapi sa komunidad ng Loyola Schools . Kahit hindi nga LS, e. Basta may reklamo ukol sa mga gawi ng mag-aaral sa loob o labas ng kampus, basta't tangay ang pangalan ng Ateneo, sakop iyan." Ayon pa sa Code of Discipline, sakop din ng DComm ang mga gradwadong mag-aaral. Sa uri naman ng mga kaso, "Kasinungalingan. Dishonesty. Iyan ang pinakatalamak" dagdag pa ni San Andres. Para sa kaniya, kailangang seryosong tugunan ang kahit anong kasinungalingan, ano pa mang uri ito. Bagaman menor na kaso lamang ang paglimot sa pagsuot ng ID, nagiging malaking bagay ito para sa iba dahil nagsisinungaling sila sa kanilang pangalan. Ani San Andres, "Walang major o minor pagdating sa kasinungalingan—lahat major. Iyan ang aking adbokasya." Malakas na inspirasyon ang buhay nina San Ignacio at Kristo sa kaniyang paniniwala.

Bukod sa mga kasong akademiko, isa sa mga pinakatalamak na kasong hinahawakan ng DComm ang nabanggit na rin ni San Andres na paulit-ulit na paglabag sa alituntunin sa pagsusuot ng ID. Ayon kay Cheth Mundin, isang kinatawan ng mga mag-aaral sa DComm, "Siguro ang pinakamagandang maipapayo sa estudyante, siguraduhing validated ang kanilang ID kasi iyon ang laging nagiging problema at dapat parating isuot ang ID sa paaralan."



Kung titingnan ang mga estadistika, makikita na napakalaki ng itinaas sa dami ng mga kaso noong nakaraang taon lamang. Ayon kay San Andres, "Record breaking year tayo. As of last count, nasa 113 major cases—not inclusive of illegal parking, multiple ID-wearing violations."

"Noong unang hinawakan ko itong opisina, noong 1989, mayroon akong anim hanggang walong kaso sa isang taon. Noong panahong iyon, siguro 2,500 ang populayon ng Ateneo. Ngayon, nasa 8,000. Proportional ba?" dagdag pa niya.

Puno't dulo ng paglobo ng mga kaso

Mapapansing naganap ang biglaang paglobo ng dami ng mga kaso matapos ilabas ng ADSA ang CAI. Para kay San Andres, marahil dulot ito ng higit na pagiging mulat ng mga propesor sa ganitong mga suliranin. "Maaaring sa mga taong manhid, walang problema, pero sa taong nagpapahalaga ng mga bagay-bagay, may nakikita iyang may mga dapat ituwid. Sa paglabas ng CAI, nagkakaroon ng 'greater vigilance'—nagiging mas mulat ang mga tao tungkol sa kung ano ang tama at ano ang mali, ano ang hahayaan at ano ang hindi dapat [hayaan]," diin niya.

Kung ito nga ang maituturong dahilan ng pagdami ng mga kaso, ipinahihiwatig nito na nakadepende ang pagkilos at ang pagiging epektibo ng DComm sa mga propesor at guwardiya na karaniwang nagsasampa ng reklamo. Sa madaling sabi, hindi makagagalaw ang DComm kung walang magrereklamo. Ayon kay Mundin, "Kasi minsan ang mga propesor, hindi naman nagrereklamo. Takot sila para sa kinabukasan ng mga estudyante dahil lalabas ito [kaso] sa kanilang permanent record. Ang mga kompanya, kahit on-the-job training (OJT) pa nga lang, humihingi na ng Certificate of Good Moral Character. Ang ibang mga propesor naman, masyado lang talagang mabait."

"Walang major o minor pagdating sa kasinungalingan—lahat major. Iyan ang aking adbokasya."

-Rene Salvador R. San Andres, ADSA

Bukod sa mga nabanggit, itinuro pa ni San Andres ang ilang mga "socio-cultural threats" bilang ugat ng patuloy na pagdami ng ganitong mga kaso. Ayon ito sa isang pag-aaral tungkol sa pamilyang Filipino kung saan may itinuturong apat na pangunahing penomenong kultural: single parents, working mothers, OFW parents or spouses, at non-working mothers. "'Yong apat na sektor na iyon, lahat sila, ang pangunahing ikanababahala ay kayong mga anak—na lumaki kayo na matinong tao. Lahat ng magulang, ganoon ang pangarap sa kanilang anak," ayon kay San Andres.

Patuloy niya, "Ayon sa isang pag-aaral noong 2007, halos kalahati ng kabataan sa Filipinas ngayon, nanggagaling sa isang tahanan kung saan iisa lang ang magulang. Sari-sariling dahilan: OFW, nagtatrabaho, hiwalay, atbp. Ang konteksto, may pangarap ang mga magulang pero may ganoong sitwasyon. Kalahati ang nasa alanganin dahil madalas, kapag kabataan ang tinututukan natin dito ay mayroon kang gabay—ganiyan ang tradisyonal na lipunan. [Kinakailangan] ng gabay sa mga tama at mali na bagay-bagay, huwarang modelo. Tapos, palaki nang palaki ang porsiyento ng mga Filipina na nawawala dahil kailangang magtrabaho at pakainin 'yong mga anak. Epekto noon, nawawalan sila ng oras para maging gabay sa mga anak. Papaano ka [estudy-

ante] mahuhubog? Sa mga kaibigan mo—[samantalang] kalahati ng mga kabataan, ganoon."

Ikatlo, ang unti-unting paglaganap ng kulturang narsisista ang itinuturong dahilan ni San Andres kung bakit dumarami ang ganitong mga kaso. "Ang narcissism, kailangan itrato iyan [na] parang isang epidemic." Ipinaliwanag niyang tinutugunan ng DComm at ang kaugnayan nito sa narsisismo. Aniya, "Ayaw naming pagkatapos ninyo magtapos, sakim kayo, makasarili, walang iniisip kung hindi ang magpayaman, kumakamkam ng kapangyarihan. Sabi ni San Ignacio, kahit anong kasalanan ay maaaring tignan bilang isa o kombinasyon ng tatlo: material wealth, pleasure, fame/power. Sa kasamaang palad, sakto ang tatlong iyan sa narcissism."

PARUSA'T PAMAMARAAN

Matapos magbigay ng rekomendasyon ang DComm sa opisina ng VP, gumagawa ng desisyon ang VP na siyang muling ipapasa sa ADSA upang ipatupad. Bukod sa mga pinakamabibigat na kaso, paglilingkod sa komunidad ang karaniwang parusa para sa mga napatunayang nagkasala. Ani San Andres, "Ang konsepto na iyan ay nagmumula sa restorative justice. Kung susuriin, ang pagsira ng isang bagay ay nagdudulot ng pagsira sa balanse ng lipunan. Inuuna mo ang sarili mo, hindi mo iniisip ang konteksto, na may matatamaan. [Kung kaya't] nararapat lang na ibalik ang balanse dahil ginulo mo. Ikaw ang maghahanap ng paraan kung papaano maibabalik ang ginulo mo—iyan ang pinakagamit."

Ayon naman kay Mundin, "Narito ang mga parusa hindi upang pahirapan sila, bagkus upang tulungan sila. Sinusubukan naming ibigay ang pinakaakmang parusa base sa kung ano ang sa tingin naming ay pinakakinakailangan nila. Halimbawa, kung mas kailangan ng isang estudyante ng moral guidance at ang isa naman ay nangangailangan ng spiritual guidance, kahit magkapareho sila ng kaso susubukan naming iangkop ang kanilang parusa upang matulungan sila sa abot ng aming makakaya."

Dahil na rin sa paglobo ng dami ng mga kaso nitong mga nakaraang taon, umabot na sa puntong kinailangan nang magdadagdag ng isang posisyon sa ADSA upang matugunan ang pangangailangan na maging tagapamahala sa mga parusang ito. "Mayroon na kaming bagong full-time community service coordinator—isang patunay na seryoso ang Ateneo rito." patunay ni San Andres.

KAHUSAYANG MORAL

Kung susuriin, nakatuon ang iba't ibang mga programa ng ADSA, kabilang ang DComm, upang ikintal ang konsepto ng disiplina sa mga estudyante. Wika ni San Andres, "Nandito tayo dahil ang pinakasadya ng isang eskuwelahan ay ang hubog ng tao upang siya ay nararapat sa lipunan. Ang dami na nating binuo na mali—excellence lang ang itinuturo, kaya excellent sila mangurakot. Dual meaning dapat lagi iyan—academic at moral excellence. Kami rito sa ADSA ang isa sa mga naghahabol ng moral excellence. Bawat estudyanteng dumaraan sa discipline committee, pinaglalaanan ko ng 30 minuto hanggang 1 oras upang kaniyang maintindihan ang kahalagahan nito."

Nariyan ang Dcomm upang magbantay. Ngunit hindi sapat na parusa ang maging basehan ng pagkilos. Sa pagtuntong sa pamantasan at sa paghubog dito, kailangang mahanap ng mga mag-aaral sa kanilang sarili kung ano ang nararapat at di-nararapat. Kailangang maunawaan na hindi nararapat na mamuhay nang mabuti dahil lamang sa takot na maparusahan. Dapat gawin ang mabuti dahil may pinanghahawakang prinsipyo at paniniwala.



LUBAK-LUBAK, PATAK-PATAK

Pagtanaw sa polisiya ng transportation dole-outs at sa epekto nito sa sektor ng pamamasada

nina Kristine Ester Pascual at Hansley Juliano
sining ni
lapat ni Geneve Guyano

MAYA'T MAYA ang pagtaas ng presyo ng mga produktong petrolyo sa Filipinas. Dahil na rin sa dalas nito, nagiging pangkaraniwang tanawin ang kabi-kabilang protesta ng mga mamamayan, lalo na ang sektor ng transportasyong nakasandig sa langis ang pang-araw-araw na kabuhayan. Mabilis na napagpapasyahan ng mga kompanya ng langis ang pagtataas ng presyo. Habang sa kabilang panig, hindi ganoon kadali para sa mga kumakayod na tsuper na bumawi sa pamamagitan ng pagtataas ng sinisingil na pamasahe. Sa bawat pagtaas ng presyo ng krudo, lumiliit ang kita ng mga namamasada.

Hindi maiaalis na marami ang maiipit na sektor sa usapin ng transportasyon. Malaki ang papel nito sa pagkilos ng maraming tao upang matugunan ang kanilang pang-araw-araw na responsabilidad at pangangailangan. Nakasalalay sa sektor ng transportasyon (at sa kaakibat nitong mga usapin sa merkado ng langis) ang mahusay na pagtakbo ng mga ekonomiko at panlipunang kilos sa kalunsuran at mga papalagong lugar. Dala nito, anumang suliranin sa gasolina ay maaaring magdulot ng pagkaparalisa ng sektor ng transportasyon at ang kabuhayan ng maraming mamamayan.



Sa kanilang pagsisikap na tugunan ang usapin ng patuloy na pagtaas ng presyo ng gasolina, naglunsad ang kasalukuyang administrasyon ng mga programa. Nitong nakaraang Mayo, sinimulan ng Kagawaran ng Enerhiya (DOE) ang programang Pantawid Pasada o Public Transport Assistance Program (PTAP) na naglalayong maibsan ang mga namamasada ng dyip, bus, at traysikel sa kanilang gastusin sa gasolina sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng dole out o ayuda.

Ngunit kung pagbabatayan ang patuloy na protesta't hinaing ng sektor ng transportasyon, tila hindi tinutugunan ng mga kasalukuyang kilos ng pamahalaan ang tunay na suliraning kanilang kinahaharap. Kung titingnan ang sitwasyong ekonomiko ng bansa, makikita nating hindi nakatali sa ugnayan ng pamahalaan at sektor ng transportasyon ang suliranin, kundi sa mismong merkado ng langis na nagkakamal ng yaman bunga ng deregularisasyon na siyang nagpapataas sa mga presyo ng gasolina't bilihin.

ITINALI NG MERKADO

May iba't ibang itinuturong sanhi ang pagiging hindi abot-kaya ng presyo ng petrolyo sa ngayon, una rito ang kontrobersyal na Downstream Oil Deregulation Act ng 1998. Dalawa ang pangunahing layunin nito: (1) ang pagbibigay at pagpapatibay ng makatuwirang presyo ng langis, at (2) pag-alis sa subsidiyang binabayaran ng taumbayan sa mga kompanya ng langis. Nakokontrol noon ng gobyerno ang presyo ng langis dahil sa ibinibigay nitong subsidiya.

Sa unang tingin, tila naging mabuti ang kinalabasan ng mga bagay-bagay. Niluwagan ng gobyerno ang mga patakaran nito ukol sa kalakalang petrolyo upang magkaroon ng kompetisyon sa oligopolyo ng tatlong pinakamalalaking kompanya ng langis sa bansa: ang Shell, Chevron, at Petron. Sinikap din nitong makahikayat ng mas maraming lokal at banyagang mamumuhunan nang sa gayo'y matanggal na ng gobyerno ang ibinibigay nitong subsidiya.

Umiikot ang polisiyang ito sa neoliberal na ekonomiks. Sinasabi ng ganitong paniniwala na mabubuwag ang mga monopolyo at pagkaipon ng yaman sa iilang kompanya ng langis sa pamamagitan ng malayang kalakalan.

Ngunit kung titingnan ang kasalukuyang sitwasyon ng merkado, nanatili pa rin ang pamamayagpag ng mga kompanyang Shell, Chevron, at Petron (kasama ang iba pang kompanya ng langis na kasapi sa Philippine Institute of Petroleum) sa kanilang lamang sa larangan ng produksiyon at distribusyon ng gasolina. Hindi kataka-taka ang kanilang kakayahang diktahan ang presyo ng gasolina sa Filipinas batay sa mga kasalukuyang presyo ng langis sa pandaigdigang merkado, na lalong tumataas dala ng lumiliit na suplay at mas lumalakas namang konsumo ng petrolyo ng daigdig.

Naging kontrobersyal din ang ikalawang sanhi ng pagtaas ng presyo ng petrolyo. Sa pagpasa ng Extended Value Added Tax o E-VAT noong 2006, nagkaroon ng mga pagbabago sa mga patakarang pambuwis ng gobyerno. Pinalawig ang sakop ng buwis, kung kaya maging ang mga produktong dating walang VAT tulad ng petrolyo at koryente ay binuwisan na rin. Itinaas din ang porsiyento ng buwis mula sa 10 tungo sa 12%. Bunga nito, lalong tumaas ang presyo ng mga produktong petrolyo (tignan ang Talaan 1).

Sa pagtaas ng presyo ng langis, hindi maiiwasang mahirapan ang mga namamasada ng dyip, bus, at traysikel na pagkasyahin ang kanilang kakarampot na kinikita sa araw-araw. Habang pakaunti nang pakaunti ang kanilang naiuuwi sa kanilang mga pamilya, palaki naman nang palaki ang kinikita ng mga kompanya ng langis.

PAMUDMOD, PANAKIP-BUTAS

Mula nang maipatupad ang deregulasyon ng mga presyo ng langis mula 1998, tila kaunti lamang ang naibigay na tulong ng pamahalaan sa sektor ng transportasyon. Sa kabila ng mapilit na pakikibaka ng mga kabahagi sa sektor na ito, hindi binago ng mga rehimen nina dating Pangulong Joseph Estrada at Gloria Macapagal-Arroyo ang polisiya ng deregulasyon at nagdagdag pa nga ng suliranin sa mukha ng 2006 E-VAT.

Ito marahil ang sanhi kung bakit sa kasalukuyan, ipinatutupad ng pamahalaan ni Pangulong Aquino ang programang Pantawid Pasada na diumano'y magpapagaan sa gastusin ng sektor ng transportasyon. Ayon kay Sonny Africa, puno ng pananaliksik ng IBON Foundation, ito ang unang pagkakataong nagsagawa ng ayuda ang pamahalaan para sa sektor ng transportasyon. "Sa nakaraan," aniya, "mas discount lane para sa mga jeepney ang ipinatutupad."

Gayunman, hindi na bago ang konsepto ng pamimigay tulong-pinansiyal sa mga sektor na nahihirapan sa pagtaas ng presyo ng mga pangunahing bilihin at pangangailangan. Salaysay ni Africa: "Iyong pagtaas ng presyo ng mga produktong petrolyo ang partikular na nag-udyok na isagawa ang P450 milyong halaga ng programang Pantawid Pasada. Gayumpaman, kapansin-pansin na napakarami ang 'pantawid' dole-out ng administrasyong Aquino. Marami dito ay inumpisahan sa nakaraang administrasyon ni Arroyo pero lubhang pinalaki ni Aquino. Ang pinakamalaki ngayon ay ang Pantawid Pamilyang Pilipino Program (4Ps) na sa 2011 lamang ay meron [nang] P21 bilyon para sa conditional cash transfers (CCTs), P4.2 bilyon na subsidiya sa bigas, P2.9 bilyon para sa supplemental feeding, at P881 million para sa food-for-work ng mga bakwit."

Noon pa mang 2008 ay mayroon nang argumento para sa pamimigay ng pera sa mga sektor na apektado ng pagtaas ng presyo. Batay sa pahayag ng ekonomistang si Ernesto Pernia sa panayam sa kaniya ng Philippine Center for Investigative Journalism (PCIJ), ang maayos na pamimigay ng ayuda sa mga mahihinang sektor lamang ang siyang magagawa ng pamahalaan.

Ayon kay Pernia, hindi makatutulong ang pagaalis ng E-VAT dahil lalo lamang mapananatili ang malalaking yaman ng mga maykaya at hindi maisasagawa ang pamamahagi ng yaman ng bansa. Hindi rin posible, diumano, ang regulasyon ng presyo ng langis dahil mahina ang ekonomiya ng bansa. Sa madaling sabi, kailangang mapanatili ang pakikibahagi ng Filipinas sa malayang kalakalan upang makasama ang bansa sa daloy ng pandaigdigang kapital.

Taliwas sa pananaw na ito, naniniwala si Africa na kulang na kulang ang pamimigay ng ayuda upang matulungan ang sektor ng transportasyon. Paliwanag niya: "Malaki ang pagtaas ng presyo ng mga produktong petrolyo dahil sa monopolyo sa industriya at sa deregulasyon. Ang dole-out na ito naman ay pantawid lamang, na ang pangunahing layunin ay pahupain ang protesta ng publiko sa pamamagitan ng pagkukunwari na meron itong ginagawa, at hindi talaga upang maibsan ang paglala sa kabuhayan ng mga nasa sektor ng transportasyon." Masasabi natin, kung gayon, na sistemikong pagbabago sa polisiya at prosesong ekonomiko ang kinakailangan upang tunay na maisaayos ang interes ng sektor ng transportasyon.

TULOY ANG BIYAHE

Sa patuloy na pagtaas ng presyo ng produktong petrolyo, hindi nanahimik ang sektor ng transportasyon. Mula pa sa kainitan ng usapin sa E-VAT noong 2006, mainit na ang pagpoprotesta ng mga pangkating sektoral sa kakapusan ng ayuda ng pamahalaan. Sa pahayag na inilabas ng Kilusang Mayo Uno noong Abril 1, 2011, sinabi ng kanilang pangkalahatang kalhim na si Roger Soluta kung papaanong "hindi [sila] humihingi ng karampot na subsidiya sa langis na magtatagal lamang ng isang buwan. Napakaliit ng P500 milyong subsidiya na ito kung ihahambing sa P11 bilyong pinipiga ng mga kartel ng langis buwan-buwan sa mamamayan sa pamamagitan ng dagdag-presyong P7.50 kada litro."

Naging masigasig din ang pangkat na Pinagisang Samahan ng mga Drivers at Operators Nationwide [Piston] sa kanilang pagtutol sa kakapusan ng subsidiya na ito. Reklamo ni George San Mateo, pangkalahatang kalihim ng Piston: "May 214,596 na nakarehistrong jeepney sa bansa, ngunit nang pinasimulan ang programang Pantawid Pasada noong unang linggo ng Mayo, 3,000 fuel cards [lang] na may lamang P1,050 ang maipamimigay. Iisa lang din ang distribution center, sa Camp Crame lang. Paano makikinabang ang buong bansa dito?"

Sinususugan ni Africa na hindi matutugunan ng mga panakip-butas na polisiya ang suliranin sa enerhiya at transportasyon. Paliwanag niya: "Pagsasabansa ng industriya ang pangmatagalang solusyon sa pagtaas ng presyo. Kailangan patakbuhin ang industriya ng langis bilang serbisyo para sa nakararami, di negosyo o tubo para sa iilan. Walang 'malayang kompetisyon' sa industriyang may monopolyo."

Mahihirapan lamang pareho ang sektor ng transportasyon at ang pamahalaan kung mananatili lamang sa usapin ng pagbibigay ng ayuda ang pagtugon sa kanilang mga suliranin. Sa patuloy na pagtaas ng presyo ng langis sa pandaigdigang merkado, kinakailangang patuloy na bantayan ang interes ng karaniwang mamamayan taliwas sa interes na magkamal ng mga kompanya ng langis, pandaigdig man o lokal. Higit na pagpapahalaga sa isang sektor na pinagsisilbihan ang buong sambayanan, kung gayon, ang hinihingi mula sa ating karaniwang pasahero, na kaakibat din nilang pumapasan ng pamahal nang pamahal na pamumuhay.


ILANG ESTADISTIKA

MGA PAGBABAGO SA PRESYO NG MGA PRODUKTONG PETROLYO SA METRO MANILA 1997-2008

TAON	UNLEADED GASOLINE (piso kada litro)	KEROSENE (piso kada litro)	DIESEL (piso kada litro)	LPG (piso kada litro)
1997	0.84	-0.33	-0/24	0.41
1998	-0/18	-0.30	0.22	-0.23
1999	2.61	2.60	1.84	2.04
2000	4.06	4.55	4.35	1.68
2001	-1.87	-1.29	-1.32	-0.88
2002	1.75	1.83	1.48	2.37
2003	3.09	2.63	2.33	0.95
2004	6.90	7.05	6.68	3.87
2005	7.85	8.33	7.44	5.55
2006	1.46	2.43	2.39	1.13
2007	7.10	5.11	5.10	6.91
2008	15.47	16.89	15.85	2.52

Sanggunian: Kagawaran ng Enerhiya

KONSUMO NG KRUDO NG FILIPINAS KADA TAON





MATA SA MATA

PAGHILA KAY HEIDI

nina Geneve Guyano at KevinMarquez
kuha ni Arnold Lau
lapat ni Benjhoe Empedrado

PAKIKIBAKA para sa katotohanan.

Ito ang tawag ng pananampalataya para kay Heidi Mendoza, isang awditor sa Komisyon ng Awdit (COA) na nakilala ng marami sa kaniyang pagtestigo sa kongreso laban sa maanomalyang plea bargain agreement na pinasok ng gobyerno at ni dating AFP comptroller Hen. Carlos Garcia.

DATI NANG LABAN

Matagal nang nakikibaka si Mendoza para sa katotohanan. Sa mahigit dalawampung taon niyang paglilingkod sa COA, marami na siyang hinawakan at pinamunuang imbestigasyon sa iba't ibang kagawaran ng gobyerno gaya ng DPWH at DENR, gayundin sa pondong inilalaan sa mga rehiyon gaya ng ARMM at Lanao del Sur. Natuklasan ni Mendoza sa kaniyang pagsisiyasat ang sanlaksang ghost projects, ilegal na transaksiyon, paglustay at pagnanakaw ng salapi ng bayan.

Hindi iba rito ang laganap na korupsiyon sa AFP na siniyasa't pinatunayan niya. Nagsampa siya ng kasong pandarambong kay Hen. Garcia halos limang taon na ang nakalilipas at dumalo sa mga pagdinig ng kaso noong 2007-2009. Ang desisyon ng gobyernong makipagkasundo sa heneral para sa isang plea bargain, dahil umano sa kakulangan ng ebidensiya, ang nag-udyok sa kaniyang lumabas sa publiko. Naniniwala siyang may sapat na ebidensiya upang isakdal si Garcia. Ang paninindigang itong nakita ng publiko ang dahilan kung bakit siya hinangaan ng marami.

PAGPAPAUNLAK SA TAWAG

Ani Mendoza, isang personal na desisyon ang kaniyang paglabas sa publiko upang tumestigo. Hindi ito ganap na sinuportahan ng kaniyang asawa dahil sa idudulot nito sa kaligtasan ng kanilang pamilya. Noong mga panahong iyon, tanging si P. Albert Alejo, S.J. (Paring Bert) ang naging kasabay niya—espiritwal na kaagapay aniya. Kuwento niya, pareho sila ng adhikain para sa katotohanan at kontra-korupsiyon. Ang pagtutok at paggabay na ito ni Paring Bert ang isa sa nag-udyok sa kaniya upang ipagpatuloy ang kaniyang pasya.

Bago niya ginawa ito, kinonsulta niya ang isang maliit na grupong binubuo ng ilang mamamahayag at malalapit na kaibigan. Tingin ng kaniyang asawa, mag-isa siyang nagsisikhay, "Bakit ikaw lang? Bakit tayo 'yong laging naiiwan?" Kaya lumapit si Mendoza sa kanila upang humingi ng kaunting tulong.

Iba't ibang uri rin ng tulong ang inialok sa kaniya. May nag-alok ng seguridad, insurance, iskolarsip para sa kaniyang mga anak, pag-aaral kung paano ipagtanggol ang sarili at kahit mga armas. Wala naman siyang tinanggap sa mga ito. Ipinagpapasalamat niya ang mga simpleng tulong tulad ng pansamantalang tutuluyan, pagpapahiram ng sasakyan, pagkain at kaunting tulong-pinansiyal. Higit sa lahat, ang pagtataya ng oras at buhay ang talagang hiningi niya mula sa kanila.

Nang tuluyan nang isinapubliko ni Mendoza ang kaniyang nalalaman, lumapit na rin ang iba't ibang grupo upang ihayag ang kanilang pagsuporta, kabilang dito ang Ateneo School of Government (ASOG) at Procurement Watch Inc. (PWI). Ipinagpapasalamat rin niyang malawak at matatag ang kaniyang network bunga ng matagal na paglilingkod sa gobyerno, civil society, development groups, at sa pagiging malapit sa simbahan.

ALINLANGAN SA PAGLUSONG

"Sana manalo ako sa lotto," minsang hiniling ni Mendoza, nang sa gayon ay masiguro niya ang pinansiyal na katayuan ng kaniyang mag-anak. Iyon nga lamang, ilan ba ang magtatagumpay sa larong ito? Naisipan niyang humiling pa ng maraming senyales nang maramdaman niyang tama ang kaniyang desisyon. Inamin niyang kung maiiwan lamang ito sa kaniya at sa kaniyang konsensiya, hindi niya kakayaning ituloy. Kaya dasal umano ang naging sandigan niya.

Para kay Mendoza, pananampalataya ang tuluyang humila at humihila pa sa kaniya. Ito umano ang tumatawag sa kaniya upang kumilos ayon sa katotohanan, gampanan ang kaniyang tungkulin bilang awditor, at patunayan ang mga iregularidad na kaniyang natagpuan sa kabila ng mga banta sa kaniyang buhay. Gayumpaman, aniya, napakahirap ng pagpapaubayang ito dahil "kapag sinabi kong bahala Ka na sa 'kin, kasama ko pati iyong tatlo kong anak." Ngunit ito raw ang rurok ng pananampalataya—ang pagsuko ng lahat sa Kaniya. Hindi ibig sabihin nitong hindi siya nakaramdam ng anumang takot lalo na't pilit niyang tinatanggihan ang itinuring niyang tungkulin. "Nakita kong naroon ang sobrang takot hindi dahil sa kawalang kasiguraduhan ngunit dahil tumatakbo ka palayo sa isang bagay na ramdam na ramdam mong hinihila ka," ani Mendoza. Paniwala niyang ang pananampalatayang ito ang nagsilbing dagdag proteksiyon niya.



IBA SA IBA

Sa buong proseso ng pagsisiwalat, nilinaw ni Mendoza na 'truth-teller' at hindi whistleblower, ang mas akmang ibansag sa kaniya. Aniya, binabansagan kang 'whistleblower' kung naging bahagi ka ng anomalyang inihahayag. Iginigiit niya ang kaibhan ng mga ito dahil sa kahalagahan ng wastong pagtatala ng kasaysayan. Dagdag pa niya, mahalaga ito upang maunawaan ang pagtanggap sa kaniya ng tao kung ikukumpara sa mga whistleblower.

Patunay niya, dahil nagsalita ang isang taong hindi kabilang sa ganoong sistema, nagagawa ng publikong maniwala. Nagbunsod ito ng pag-iisip na mayroon pang mga tapat na tao ang gobyeno. Sa dami raw kasi ng nababalitang katiwalian, at nabibilang na pagpaparusa, nagmumukhang wala nang saysay ang paglaban. Napagod na umanong maniwala ang publiko dahilan upang mawalan na sila ng ganang papanagutin ang mga nakaluklok sa puwesto. Sa pagtestigo niya sa kongreso, animo'y nagsisimula nang bumaliktad ang kalagayan sa pamahalaan.

"Siguro ang pagkakaiba ko lang sa iba, kasi alam kong maraming taong mas tapat sa akin, maraming taong mas competent, mas dedicated—there's no argument to that—ang pagkakaiba ko lang, persistent kasi ako." Tiyaga ang matinding puhunan ni Mendoza. Aniya, sa paggawa raw ng kabutihan, kung harangin siya, susubukin niyang muli sa ibang direksiyon, baka sakaling magbunga.

PAGBABALIK AT PAGBABAGO

Marami ang nagsasabing unti-unti nang nakikita ang pagbabago. Nang maisampa niya ang kasong pandarambong kay Hen. Garcia ilang taon na ang nakararaan, naibulgar ang kahinaan ng sistema ng hustisya sa bansa. Pagkatapos noon, lumabas na ang mga whistleblower, isang indikasyon na nagkakaroon na ng tiwala sa sistema. Ani Mendoza, narinig din niya ang mabilis na pagbibigay ng mga hinihinging dokumento sa loob ng AFP. Mga bagay na nagpapatunay ng tinutukoy na pagbabago ni Mendoza.

> "Nakita ko na naroon ang sobrang takot hindi dahil sa kawalang kasiguraduhan ngunit dahil tumatakbo ka palayo sa isang bagay na ramdam na ramdam mong hinihila ka."
>
> -Heidi Mendoza

Paliwanag niya, kung nakatuon lamang ang pagtingin ng marami sa isang aspekto, gaya ng isang kaso, hindi makikita ang epekto ng pagsasalita niya. Maraming limitasyon sa pagtingin na ito. Sa halip, aniya, mahalagang tingnan kung ano ang nangyari pagkatapos noon. Tapos na ang paglilitis sa kaniyang kaso, mas maigi raw itanong, ano ang ibinunga noon?

Sa kasalukuyan, nakabalik na si Mendoza sa COA at sinusubukan niyang patatagin ang loob ng iba pang kasamahan sa gobyerno. Maaari pa rin umano silang maglingkod sa gobyerno habang nananatiling tapat. Sa kabilang banda naman, pinaglalapit niya ang mga mamamayan at ang mga tao sa gobyerno sa pagsasabing "May mga taong tapat sa loob at mananatili silang tapat kung makikipagkaisa kayo sa kanila."

Kritikal umano ang panahon ng transisyon. Hindi maglalaon, marami muli ang madidismaya, kaya naman dapat patuloy ang pagkilos hindi lamang sa loob ng gobyerno kundi pati na rin sa labas. Ibinabahagi ni Mendoza ang kaniyang kuwento sa iba pang kasamahan sa gobyerno, sa mga pulong kung saan siya naiimbitahan at sa mga taong nakakikilala sa kaniya. Mahirap puksain ang katiwalian sapagkat ito ay paglaban sa isang walang kamatayang kaaway. Dito nagiging mahalaga ang pagsasama ng gobyerno at ng publiko. Gaya ng kaniyang sinabi, "Magkasama tayong tataya. Magkasama tayong lulusong."





Kilatista

Lumaban ka, Ina

Paano maipagtatanggol ng kababaihan ang sarili sa pananakit ng kanilang asawa?

nina Tresa Valenton at Micha Aldea
sining ni Mich Garcia
lapat nina Geneve Guyano at Benjhoe Empedrado

MAPANGANIB AT LUBHANG nakapaparalisa ang pagkakaroon ng Battered Wife Syndrome (BWS). Subalit hindi kailangang ito ang kahantungan ng kababaihan kung mismong pambubugbog ang susugpuin at iiwasan.

ANO ANG BWS?

Ayon sa pag-aaral ni Richard W. Swanson (1984), sikologo, isang kalipunan ng mga pisikal, seksuwal, at sikolohikal na sintomas ng kababaihang biktima ng intensiyonal na pananakit na hindi bababa sa tatlong insidente ng pananakit ng mga asawa at/o kinakasama ang BWS. Malawig ang depinisyong ito kaysa tipikal na pakahulugan ng pagiging "battered".

Ayon na rin kay Swanson, mas malaking pinsala ang nagagawa ng suliranin sa sikolohikal na aspekto kaysa sa pisikal. Maaari umanong mawala (o hindi mahalata) ang mga pisikal na pinsala tulad ng pasa, sugat, o higit pa; subalit ang takot at pag-aalala ng kanilang loob ay nananatili, lumalaki, hanggang sa tuluyan na silang mawalan ng lakas upang lumaban para sa sarili.

BAKIT ITO MAPANGANIB?

Bukod sa tuwirang panganib nito sa buhay ng babae, nag-iiwan rin ito ng takot sa mga anak at sa buong pamilya. Ayon kay Swanson, may tatlong yugto sa isang siklo ng pananakit: ang pagkakaroon ng tensiyon sa pagitan ng mag-asawa, ang mismong akto ng pananakit, at ang pansamantalang pagbabalik-loob ng asawa. Sa bawat siklo ng pananakit, lalong lumalaki ang problema dahil patuloy lamang na umaasa ang babae na magbabago pa ang lalaki. Dahil dito, nagpapatuloy ang kanilang ugnayan, pati ang ang mas malupit na pananakit.

Madalas na pagkabalisa at pag-agam-agam ang reaksiyon ng biktima sa mga insidente ng pambubugbog. Dahil may iniinda, hindi sila makatulog nang maayos. Sakali mang makapagpahinga, madalas nananaginip sila ng tungkol sa karahasan. Sa panaginip umano, nakukuha nilang lumaban. Subalit sa realidad, hindi nila ito magawa dahil sa mababang pagtingin sa sarili. Inaakala nilang karapat-dapat silang saktan ng asawa.

Ayon naman kay Dr. Pia Anna Perfecto-Ramos, guro ng sikolohiya sa Ateneo, nagiging biktima rin ng learned helplessness ang kababaihang madalas makaranas ng pambubugbog. "Naiisip nilang wala na silang maaaring gawin upang mabago ang sitwasyon kaya para sa kanila, nagiging isang pangkaraniwang kaganapan na lamang ang pananakit, " saad niya. Sa mga mas malulubhang kaso, nagkakaroon pa umano ng idea ang babae na ang kaniyang identidad at eksistensiya ay diktado ng bilang ng pang-aabuso. Kumbaga, kung mas madalas siyang maabuso, naiisip niyang makabubuti ito dahil nagkakaroon lamang siya ng silbi kapag pinagbubuntunan ng galit ng asawa.

> "Naiisip nilang wala na silang maaaring gawin upang mabago ang sitwasyon kaya para sa kanila, nagiging isang pangkaraniwang kaganapan na lamang ang pananakit."
>
> - Ramos

Sang-ayon sa mga datos na ito si Lenore Walker (2009), kapuwa sikologo. Dagdag pa niya, ang serye ng pananakit ay isang kilos na natututuhan ng lalaki upang mapanatili ang kaniyang kapangyarihan at kontrol sa babae. Susog ni Ramos, mapanganib ito dahil nagkakaroon ng nosyon ng "karapatan upang manakit" ang lalaki. Dahil dito, nakadarama siya ng kapangyarihan na lalo lamang nag-uudyok sa kaniya upang abusuhin ang asawa, kahit nangangahulugan ito ng lubhang panganib sa buhay ng kabiyak.

PAANO MAPUPUKSA?

Hindi na kailangan pang humantong sa BWS. Hindi na kailangan pang maghintay ng maraming ulit upang tuldukan ang pananakit. Dahil maituturing na lubhang mapanganib para sa kababaihan ang patuloy na pakikitungo sa mapang-abusong asawa, kailangan munang maiwasan ang pananakit. Kaya para kay Lydia Rubio, direktor ng Haven for Women (HW), isang sentro ng Deparment of Social Welfare and Development (DSWD), mahalagang maihanap ng ligtas na matutuluyan (tulad ng HW) ang buong pamilya. Doon, maging ang mga anak ay nabibigyan ng batayang proteksiyon at pangangailangan tulad ng damit, pagkain at edukasyon. May sentro din sila para sa mga buntis at kaaanak pa lamang na kababaihan.

Sa HW, iba't ibang serbisyo at programa ang ibinibigay para sa edukasyon ng mga babae ukol sa kanilang mga karapatan. Habang nasa kanilang pangangalaga, "Binibigyan namin sila ng sessions tungkol sa protective behavior at oryentasyon sa Violence Against Women and their Children (VAWC) Law. Kung ano'ng puwede nilang gawin, kung sino ang puwedeng magreklamo, kanino sila hihingi ng tulong, ano ang puwede nilang gawin doon sa lumalabag ng batas sa VAWC. Nakapaloob din kasi doon sa batas na may barangay protection/temporary protection order para sa kanila," ayon kay Rubio. Maaaring magtakda ng partikular na distansiyang maglilimita sa hangganan na puwedeng ilapit ng kanilang asawa.
Tumatagal umano ang temporary protection order na maaaring hingin sa barangay ng dalawang linggo upang ilayo o maiwasang lapitan ang biktima ng asawa. Puwede rin umanong isama ang mga bata at ang iba pang kapamilya sa kasunduang ito. Dagdag ni Rubio, "Puwede rin namang ideretso sa korte kasi 'yong iba, natatakot na may mga koneksiyon sa barangay 'yong kanilang mga asawa kaya nagsasampa na agad sila ng kaso." Kung nais ng babae na tuluyang magsampa ng kaso, o kung gusto niyang maging permanente 'yon, puwede niyang gawin permanent protection order pero nasa pag-uusap din umano ito ng mag-asawa.

Wala man daw silang abogado sa kanilang tanggapan, humihingi sila ng tulong mula sa ibang sangay ng pamahaalan tulad ng mga family courts sa mga munisipyo at mga manananggol na pro bono. Sa pamamagitan umano ng ganitong mga

institusyon at tao, malalaman ng biktima ang legal na mga proseso at kung ano ang puwede niyang gawin upang maiwasan na ang pananakit sa kaniya. Kasama raw ang family court sa pagsusuri kung gaano katagal ang dapat hinging protection order.

"Meron ding mga walk-in dito," ayon kay Rubio. Tinitingnan muna umano ng kanilang social worker kung kailangan ng (mga) biktima ng institusiyonalisasyon sa HW. "Kasi hangga't meron pa silang mga kamag-anak na puwede nilang hingan ng tulong", maaari raw na doon makipag-ugnayan ang DSWD upang tuluyan ng pamilya.

May ilang kaso rin kung saan sumasangguni ang HW sa mga Local Government Units (LGUs) at Non-Governmental Organizations (NGOs) kung hindi kailangan o hindi nais ng kababaihan ng institusyonalisasyon. "Nagre-request kami sa LGU na i-imonitor sila, sinasabi namin ang kaso nila. Tapos nagre-request din kami ng feedback mula sa kanila kung kumusta ang kliyente." Doon, may mga ekspertong maaari ding magbigay-payo sa kanila.

Sa kabilang banda, may NGOs din tulad ng Women in Crisis Center (WCC) na may programa para sa institusyonalisasyon. Sa katunayan, tila mas mahigpit daw ang WCC dahil "kahit sila, hindi nila ipinaaalam (kahit kanino) kung saan nila pinatutuloy 'yong mga babae para na rin sa proteksiyon nila."

PAGKATAPOS?

Naniniwala si Rubio sa batayang karapatan ng kababaihan. "Bahagi rin kasi ng pagiging empowered ng babae 'yong pag-alam niya sa mga maaari niyang gawin para maprotektahan ang kaniyang sarili at magpatuloy sa kaniyang buhay nang hindi umaasa." Maaari pa rin naman umanong humingi ng tulong-pinansiyal ang babae sa asawa (dahil bahagi ito ng kaniyang tungkulin bilang haligi ng tahanan, at dahil karapatan ito ng babae).

Naniniwala rin si Rubio na karapatan ng babae na magkaroon ng kalayaan upang magkaroon ng sariling kabuhayan. Saad niya, "Kahit humingi siya ng tulong-pinansiyal sa asawa, [dapat] meron pa rin siyang sariling pamamaraan para buhayin ang sarili at ang mga umaasa sa kaniya." Sa HW, may mga pangkabuhayang programa base sa mga interes nila na maaaring makatulong upang matutustusan ang pangangailangan ng pamilya kapag nakalabas na sila rito. Halimbawa'y pananahi, paggawa ng mga tinging basahan, bag, laruan, at iba



pa. Dahil dito, hindi na sila dedepende sa asawa sapagkat kumikita sila.

May mga kaso naman na bumabalik din sila sa kanilang asawa dahil sa "feelings of dependence", dahil kawawa ang mga anak nila dahil wala silang trabaho at meron ang asawa nila, at iniisip nila na matatagalan pa kung sa proseso ng korte. Wala na kaming habol doon dahil matatanda na sila para makapagdesisyon para sa kanilang sarili," saad ni Rubio. Subalit hangga't maaari, tinuturuan ng HW ang kababaihan na magkaroon ng safety plan upang maiwasang maging biktima muli. Aniya, walang nakakaalam kung babalik sa dati ang asawa subalit malaking tulong ang magagawa ng safety plan upang madali siyang makaaksiyon kung saan siya tatakbo o kung sino'ng lalapitan niya. Naniniwala si Rubio na bahagi ito ng pagbibigay-lakas sa kababaihan.

Para din kay Ramos, kailangang mabatid ng kababaihan ang kanilang mga karapatan lalo na sa ganitong mga sitwasyon. Kailangan umano nilang malaman na mayroong mga sentro at tanggapan na maaari nilang hingan ng tulong. Kailangan din nila ng pagsangguni sa mga eksperto upang mapanibago ang kanilang pagtingin sa sarili.

ANO ANG MAGAGAWA MO?

Naniniwala si Ramos na nangangailangan ng pagbabago sa pagtrato ng lipunan sa kababaihan at kalalakihan. Malaking salik umano ang pagpapakita ng media sa waring limitadong ginagampanan ng lalaki at babae. "Hanggang ngayon, kapansin-pansin pa rin na patriarchal society ang Filipinas pagdating sa mga pamilyang mula sa lower classes." Tuloy, akala umano ng mga lalaki, ang ibig sabihin ng patriyarkal ay 'yong may karapatan silang saktan ang kanilang asawa at anak. Mali ang nosyon na ito, at kailangang baguhin.

Ayon naman kay Rubio, walang alam sa batas ang karamihan ng pumupunta upang humingi ng tulong sa HW. Malalaman na lamang nila na puwede pala silang tulungan ng barangay. Subalit bukod sa paglapit sa mga opisyal ng barangay at institusyong tulad ng HW, nasa batas din na maaaring humingi ng tulong para sa kaligtasan hindi lamang ng inaabuso kundi pati na rin ng mga anak nito ang kahit sinong may sapat na impormasyon/patunay na may pananamantalang ginagawa doon sa babae, pagtatapos ni Rubio.

AKTIBISTA*Artista*

nina Marvin Lagonera at Tricia Mallari
sining ni Larz Diaz
lapat ni Geneve Guyano

BAWAT karatula, may mensaheng ipinararating. Mula sa mga mumunting signage na nakasabit sa mga poste't nakapinta sa mga pader, pinaaalalahanan ang karaniwang Filipinong "bawal magtapon ng basura dito" o binabalaan siya tungkol sa mga mga naglalakihang billboard na nagtatampok ng mga produkto.

Sa kaisipang ito nag-ugat ang KARATULA—ang samahang sa sarili nito ay isa ring mensahe.

ANO ANG KARATULA?

Ang Kabataang Artista para sa Tunay na Kalayaan o KARATULA ay isang pambansa, demokratiko at kultural na organisasyon ng mga kabataang artista at manggagawang pangkultura, mula man sa paaralan o pabrika.

Sining at kultura ang nagsisilbing pangunahing sandata ng KARATULA sa pagsugpo sa mapaniil na sistema. Ayon sa samahan, sa pamamagitan ng sining, sinisikap nilang imulat ang bawat antas ng lipunan, masa man o nakatataas, sa katotohanang pilit na ikinukubli sa lipunang ating ginagalawan.

Ayon pa kay Ana Tarina Lulu, pambansang tagpangulo ng KARATULA, "Gusto naming banggain ang mga billboard ng kapitalista at magsilbing paskil laban sa namamayaning kulturang masyadong kolonyal, burgis, elitista, indibiduwalista, piyudal at metapisikal sa pag-iisip."

Isinilang ang KARATULA noong Setyembre 2000, sa gitna ng kalakasan ng mga pagkilos laban kay dating Pangulong Joseph Estrada. Nagsilbi ito bilang isang alyansa ng iba't ibang mga pangkat kultural mula sa mga kolehiyo't pamantasan; isang pangkalahatang organisasyong nilalahukan ng mga grupo mula sa iba't ibang larangan tulad ng musika, teatro, sining biswal, at malikhaing pagsulat. Iba-iba man ang paraan, pinag-isa ng KARATULA ang mga naturang larangan upang isulong ang isang panibagong kultura at gamitin ito para sa isang kakaibang uri ng pagkilos.

MALALIM NA KASAYSAYAN

Bumabalik pa sa rebolusyon ng 1896 o KKK ang ipinaglalaban ng KARATULA. Sa Unang Kilusang Propaganda, inudyok ng ating mga bayani ang rebolusyon gamit ang kultura, tulad na lamang ng ginawa ni Rizal gamit ang Noli Me Tangere, pagganap ni Bonifacio sa teatro at pagpinta ni Juan Luna sa Spoliarium.

"Sa KKK pa lang, makikita mo ang halaga ng kultura sa paraang nakikita mo na ang rebolusyon o pagnanais ng mga tao para sa mahalaga at totoong pagbabago,"* paliwanag ni Lulu. Kahit ang Kabataang Makabayan (KM) na naglunsad ng eksibit na "Sigwa ng Unang Kuwarto" noong dekada '70, nakita ang potensiyal ng sining at kultura. Kaya pinasimulan nila ang organisasyong Student Cultural Association of the University of the Philippines (SCAUP).

"Mula sa binhi ng sampung estudyante ng SCAUP [na siya ring] tagapagtatag ng Kabataang Makabayan, hindi naglaon ay parang bola ng niyebeng tumatag at lumaki ang tinatawag nating pambansang demokratikong paglaban—ang Ikalawang Kilusang Propaganda," pagsasalaysay ni Lulu. Sa panibagong yugto ng pakikipaglabang ito umusbong ang mga progresibong organisasyong pangkultura gaya ng Gintong Silahis, PAKSA, Panday Sining, Kamanyang at Nagkakaisang Progresibong Arkitekto at Artista (NPAA).

Kasabay naman ng pag-igting ng politikal at ekonomikong krisis na naranasan ng bansa noong dekada '90, sumibol ang ibat't ibang samahang may parehong adhikain—bumuo ng "makabansa, siyentipiko at pangmasang sining at kultura." Kabilang dito ang Kamanyang ng Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas-Sta. Mesa, Alay Sining ng Unibersidad ng Pilipinas-Diliman, Pinsel Sining ng Pamantasan ng Silangan, Budyong Sining ng Pamantasang Arellano, Sining Bayan ng Pamantasan ng Malayong Silanganan, Kankalo ng Caloocan at Alibata ng AMA-QC.

Mula rito, ayon kay Lulu, nagdesisyon ang mga samahang "bumuo ng isang pormasyong titipon sa lahat ng mga pangkabataang organisasyon-kultural na magbibigay direksiyon sa



mga kabataang alagad ng sining at kultura na magpapatuloy ng ikalawang kilusang propaganda. Kumbaga, ipagpapatuloy ang [pagkilos ng] naunang mga alagad ng sining noong dekada '70 at pati na nina Jose Rizal at Andres Bonifacio."

Dagdag pa ni Lulu, kinailangan ng samahang hindi lamang limitado sa mga eskuwelahan, kundi pambansa ang abot-tanaw. Iyon ang naging KARATULA.

REBOLUSYONG KULTURAL, REBOLUSYONG KARATULA

Hindi gaya ng ibang kilusan, isang rebolusyong pangkultura ang inihahandog ng KARATULA. Para sa kanila, may kakayahan ang kulturang ipaunawa sa tao ang hindi niya nakikita. Kaya dito ipinaaabot ng samahan ang pakikibaka laban sa "kolonyal, piyudal at dekadenteng kultura."

Ayon sa borador ng samahan, maituturing na kolonyal pa rin ang Filipinas dahil banyagang pamantayan ang ginagamit para sa ating bansa. Anila, hanggang ngayon, hindi pa rin tayo malaya sa Estados Unidos dahil sinusundan natin ang kanilang batayan at hinahayaan natin silang manghimasok sa mga usaping dapat ay tayo-tayo ang nag-uusap. Sinasabi ring mala-piyudal ang ating lipunan dahil animo'y tinanggap na nating may pang-aabusong nagaganap sa bansa.

"Laganap ang unemployement, kagutuman, kahirapan, maraming pinapatay na simpleng aktibista at mamamayan. Ngunt bakit katanggap-tanggap ito sa nakararami? Sapat nang dahilan ang mga iyon para magalit ang mga tao, pero bakit hindi nangyayari iyon? Kasi ang kasalukuyang kultura natin [ay] hinuhubog ang tao para tanggapin ang ganitong klaseng katotohanan; ginagawang bulag, ginagawang bingi sa mga nangyayari, ginagawa niyang katanggap-tanggap," paliwanag ni Lulu.

Iniuugat ng samahan sa pagkontrol ng mga dominante sa ekonomiya ang pagiging "konserbatibo, atrasado, liberal, dekadente o bulok, di-siyentipiko, eskapista, komersyalisado, elitista at makadayuhan" ng kultura ng bansa. Kaya naman, bilang pagtugon, nararapat daw na banggain ang kasalukuyang kulturang siyang humuhubog sa taong maging kontento na lang at magsawalang bahala.

Ani Lulu, "Ang kultura, ito ang ginagawa niya, kumakatawan sa alternatibo. [Ipinapakita nito] na may higit pa, na may iba pa. May kailangang ipakita." Ito ang isinusulong ng KARATULA—ang magkaroon ng isang kulturang pambansa, siyentipiko, at makamasang magpapagalaw sa mamamayan.

ALTERNATIBO

Ngunit, tila nakasanayan na ngang sa tuwing mapag-uusapan ang kultura, kagyat na naiisip ang pagiging elitista nito. Ang kultura, sa pangkaraniwang pananaw, ay para lamang sa mga may sapat na oras at kalayaan na maaring gugulin para sa sining o panitikan. Ang kultura, samakatuwid, ay hindi para sa klaseng obrero, sa mga magsasaka, o sa mga arawang manggagawa.

Ang pananaw na ito ang sinisikap na baguhin ng KARATULA. Makikita ito sa pagtatangka nilang gawing makabuluhan ang sining at wika para sa nakararami. Ayon sa kanila, hinihikayat ng samahan ang mga artistang "magmasid, dumanas, mag-aral, at magsuri ng lahat ng klase ng tao. Lahat ng uri, lahat ng masa, lahat ng matitingkad na disenyo ng buhay at pakikibaka. Lahat ng hilaw na materyales para sa sining at panitikan."

Nakabatay ito sa paniniwala nila sa sining na "mula sa masa, tungo sa masa." Ayon nga kay Lulu, "Ang karatula, nakikita mo siya sa mga kalsada. Ibig sabihin, gusto niyang magtanghal ng sining na malapit sa masa, sa laban ng masa."

Bumubuo ang grupo ng alternatibong kulturang hahamon sa lahat na kilalanin ang ating identidad at kakayahan bilang Filipino at pairalin ang kulturang siyentipiko upang maunawaan ang pangangailangan ng mamamayan at ipagpatuloy ang pagbuo ng mapanuring kaisipang mulat sa realidad.

"Ako mismo, bilang tao, naghahanap ng pakahulugan sa sining at talento ko. Lagi kong tinatanong, para saan ba ang sining ko?"

– Ana Tarina Lulu

BAGONG MUKHA NG ALAGAD NG SINING

Tunay ngang maituturing na bentaha ng KARATULA ang paggamit ng sining at kultura bilang pangunahing sandata. Inaako nila ang pagtitipon ng mga alagad ng sining upang mahubog at maghubog. Marami ang may talento ngunit naghahanap ng direksiyon at ito ang tinutugunan ng samahan. Sabi nga ni Lulu, "Ako mismo, bilang tao, naghahanap ng pakahulugan sa sining at talento ko. Lagi kong tinatanong, para saan ba ang sining ko?"

Para sa samahan, matindi ang kapangyarihan at impluwensiyang taglay ng kultura at sining kaya mabisang kasangkapan ito sa pagtataguyod ng kanilang layunin. Ayon sa kanila, gamit ito, makapagbibigay sila ng inspirasyon, makakadaupang-palad ang masa, mailalantad ang kaaway, malilinaw ang mga isyu, mapalalaganap ang aral at makapagsisiwalat ng panawagan. Ayon nga kay Lulu, "Ang tao, sa totoo, mas papakinggan niya ang isang kanta kaysa sa isang napakahabang political speech, o theater play kaysa isang rally. Ang sining, mayroong kapangyarihan para magpalabas ng emosyon para mag-iwan ng isang nanatiling bakas. Kumbaga, makapagparamdam at makapagkintal sa mga tao."

Ngayon, higit sampung taon mula ng pagkakatatag ng KARATULA, patuloy pa rin ang pagkilos ng samahan para isulong ang kanilang laban. Kasama ang kabataan mula sa iba't ibang kolehiyo't pamantasan kanilang ipinagpapatuloy ang tatlong pangunahing gawain—pumukaw, mag-organisa, at magpakilos sa pamamagitan pa rin ng sining at kultura. Patuloy sila sa pagsusulong ng "karapatan ng mamamayan sa edukasyon, lupa, sahod at trabaho, karapatang sibil at serbisyong panlipunan."

Nananatili ang KARATULA sa kanilang paniniwalang ang pagkilos para sa pagbabago ay tungkulin at karapatan ng lahat, at magagawa ng kahit sino, sa iba't ibang paraan, gaya ng kanilang paggamit sa sining at kultura upang makibaka. Ani Lulu, "Ang KARATULA, hindi lang siya nagtatayo ng mga pangkabataang organisasyong kultural, kundi tumutulong rin siya sa pagtatayo ng mga organisasyong kultural ng mga nanay, tatay, kahit iba ang pangalan, tumutulong din tayo diyan. Pinapalawig ito." Dagdag pa ni Lulu, ginagawa iyon ng samahan upang maging sabay-sabay at malawakan ang pagkilos.

Bukas ang KARATULA sa iba't ibang mga disiplina gaya ng musika, teatro, sayaw, at kung ano-ano pa, tradisyonal man o moderno. Naglulunsad ng mga produksiyon, eksibit at album ang samahan. Nagbibigay sila ng libreng workshops, pagsasanay at integrasyon sa mga komunidad ng kabataan. Bahagi ang lahat ng ito ng isang higit na malaking pagkilos para sa pagbabago.

---

*Isinalin ang mga siping nasa Ingles.

Dugong Bughaw

Dunning-Kruger Effect

ni Elroy Rendor

Paano nga ba isinasalin ang salitang development? Ito ang salitang ginagamit ng marami kapag nais tukuyin ang isang pagbabago, ang isang bagong pangyayari o teknolohiya. Ginagamit ang salitang ito upang apirmahin ang isang sistema ng pagtingin sa oras: ang nakaraan, ang kasalukuyan, ang hinaharap ; apirmahin ang isang sistema ng pagpapalakad sa naturang sistema ng oras: higit na episyente, higit na ekonomikal. Kaya naman, bahagi ng salitang ito ang mga pagbabagong pampolitikang kaakibat ng mga pagbabagong pang-ekonomiya.

Karaniwan, isinasalin ang development bilang kaunlaran—isang pangako ng isang buhay na walang kagutuman, isang buhay na isinasangga ng isang bahay na may bubungan, isang buhay na may pera upang mabili ang lahat ng ninanais at kinakailangan.

Aking aalunignigin si Amartya Sen. Pamamaraan lamang ang pera upang makamit ang ating mga nais. At may mga ninanais tayo upang makamit ang iba pang nais. Kailangan ng pera pangmatrikula. At ang pangmatrikula ay para sa magandang edukasyon. At ang magandang edukasyon ay para sa magandang trabaho. Magandang trabaho, para sa magandang sahod. At marami pang susunod dito.

Alinsunod din sa ganitong pananaw ni Sen, sinasabi ng iba na kung hindi kurakot ang pamahalaan, maaaring ilaan ang pera ng taumbayan sa edukasyon sa puntong libre ito ngunit may kalidad. Mula rito hindi na raw kakailanganin ang dagdag sa sahod.

Mukha ngang malaki ang punto si Dr. Tolosa sapagkat nakikita kong nauuwi ang marami sa ating mga isyung panlipunan sa tunggalian ng kung ano ang dapat gawin at dapat panatilihing "tama:" ang presyo (sa pamamagitan ng deregulasyon, atbp.) o ang politika at mga institusyon (sa pamamagitan ng Huntingtonian na pananaw na hindi ang anyo ng gobyerno ang mahalaga, bagkus ang lawak ng sakop nito).

Ngunit hindi natin madalas napapansin na mga usapin ng modernisasyon ang aking mga nabanggit, mga usapang madalas pag-usapan. Ang usapin ng development bilang kaunlaran ay usapin ng modernisasyon sa marami nitong mukha at nagkakaiba-ibang anyo.

Walang mali rito. Ngunit para sa akin, mas nais kong isalin ang development bilang kalinangan. Kung gagamit ka ng Google translate, isasalin nito ang kalinangan bilang sibilisasyon o kultura. Sa isang banda, ayos na rin ang saling iyon, ngunit sa pagsasaling ito, nais kong bigyan ng malaking importansiya ang salitang-ugat nito—linang. Kung papansinin natin ang retorika ng technology transfers, retorika ng nasyonalismo, atbp., nag-uugat ang mga ito sa pagnanasang magbago batay sa naisasaloob, isang pagbabagong palabas. Sa paglinang, hinahasa ang likas—isang kritisismo sa buong retorikang hindi naman talaga ginagamit ng mga bansang Kanluranin ang mga teknolohiyang dinadala nila rito upang paunlarin ang kani-kanilang mga bansa. Sa paglinang, binibigyan ng importansiya ang grassroots, isang pagbabagong nagmumula sa ilalim, paitaas. Sa paglinang, binibigyang-diing hindi kailangang hanapin pa sa iba ang tunay na mukha at maaaring kahinatnan sa hinaharap. Sa paglinang, binibigyang apirmasyon nitong hindi naman talaga likas sa mga taong ipinaloob sa isang bansang Filipinas ang linyar na pagtingin sa oras. Marami sa mga probinsiyang nasa periphery ang hindi gumagamit ng oras upang makamit ang higit na episyenteng pamamaraang katulad sa ating mga lungsod.

Kung tutuusin, bakit nga ba kailangang isalin? Sapagkat, napapansin kong nagmamadali ang lahat. Minamadali natin ang kasalukuyan nang makadaupang-palad nito ang hinaharap. Minamadali natin ang politisasyon. Minamadali natin ang pagbabago. At sa pagmamadaling ito, nakalilimutan minsan na higit na masidhi ang nagagawa ng kultura kaysa isang batas. Nakalilimutang palabas sa lahat ng direksiyon ang paggalaw ng siklikong pagtingin sa oras ng marami sa bansang Filipinas. At hindi sila nakasasabay. Hindi sila nakasasabay tulad ng mga kinalimutan sa lungsod. At dahil dito, nagkakaroon ng higit na dahilan upang magmadali—maraming gutom, maraming uhaw, maraming walang bubungan pananggalang sa malakas na ulan.

Sa huli, binibigyan tayo ng salitang development ng dalawang daang maaaring sakyan—isang mabilis, isang dahan-dahan. Totoo nga, nasa "ako" ang kaunlaran, ang kalinangan.

*Kasalukuyang nasa ikaapat na taon si Elroy Rendor sa kursong AB Development Studies.

Ibang Uring AMERICAN DREAM



Bakit kaya pumupunta sa U.S. para lang maging simpleng empleado ang mga Pinoy na may kakayahan at oportunidad maging taong bigatin sa sariling bayan?

*ni Dr. Agustin Martin G. Rodriguez**
lapat ni Eldridge Tan


Mayroon kaming kaibigang nasa ganitong kalagayan. Nag-aral siya ng ekonomiks sa isa sa mga pinakamahusay na unibersidad ng Pilipinas. Mula roon, tumuloy siya sa Estados Unidos para mag-MBA. Nagkautang siya para sa kaniyang pag-aaral—ang kagimbal-gimbal na student loan—subalit hindi naman ito naging masama para sa kaniya dahil nais niya talagang magtrabaho sa U.S. Kaya naman, nagtrabaho siya sa Estados Unidos para makapagbayad ng utang at para din maisatupad ang kaniyang pangarap na mabuhay roon. Halos 10 taon na siyang nakatira doon at masasabi kong natupad niya ang kaniyang pangarap: may asawa na siyang Amerikano at may anak na maganda ang pagkakahalo ng DNA. Masasabi nating binubuhay niya ang "middle at upper class Pinoy American Dream."

Sa panlabas na anyo, naisatupad niya ang panaginip ng mabuting buhay. Hindi nga ba't ito ang pinapangarap ng maraming Pinoy na nasa gitna o mataas na antas ng lipunan—ang mabuhay nang tulad ng mga taong kayang mag-eat, pray, love kapag nasusuya sa buhay, o kaya ang mabuhay nang magara tulad ng nagse-sex in the city? Ganitong-ganito ang buhay ng aming kaibigan. Nakatira siya sa Manhattan. Broker ang asawa niya. May trabaho siyang corporate. May anak siyang "citizen." Subalit, sa likod ng lahat ng ito, siya ay isang tagasulat ng mga report na nakakabobo habang laging nangangarap magsulat ng mga malikhaing piyesa. Isang siyentistang bigo ang kaniyang asawa, at, dahil sa umiiral na indibiduwalismo at kawalan ng suporta ng pamilya o komunidad, naranasan niya ang mga unang buwan ng kaniyang pagiging ina bilang panahon ng pagkabagot at pagkainis sa kaniyang anak. Pero higit sa lahat ng ito, masasabi nating isang Pilipinong nangibang-bayan para makamit ang isang magara at magandang buhay ang aking kaibigan. At nakamit nga niya, subalit ngayon ay nag-aanyo itong kulungang humahadlang sa kaniyang pagpapatupad ng potensiyang maging malikhaing tao.

Hindi ko sinasabing masama ang mangarap na mabuhay sa U.S. Maraming OFW ang nagsakripisyo at iniwan ang pamilya dahil ipinagdaramot sa kanila ng lipunang ito ang pagkakataong maging taong malikhain na may kakayahang kumita nang sapat at gumawa ng mabuti para sa bayan. Mas mabuti nga ang buhay ng maraming nars, domestic, at iba pang Pilipinong gumagawa ng trabahong ayaw ng mga puti. Doon sa ibang bayan, may pagkakataon silang gumawa ng marangal na trabaho na may sapat na kita. Talaga namang bumuti ang buhay nila roon dahil masama ang buhay nila rito. Sa kanilang pagkanaisantabi, wala silang pagkakataong makatupad ng mabuti at malikhaing buhay sa sariling bansa.

Subalit itong kaibigan namin—iba ang kaniyang kuwento. Nag-aral siya sa isang mahusay na paaralan. Matalino siya at may pagkakataong makakuha ng mabuting trabaho. Dahil mahusay ang kaniyang edukasyon, at nasa tama siyang antas ng lipunan, bukas sa kaniya ang mga uri ng trabahong hindi lamang pagkakakitaan kundi pagkakataon din para matuklasan ang kaniyang potensiya bilang malikhaing tao at bilang isang pinuno. Kung nandito siya sa Pilipinas, marahil maaari siyang maging taong magsasanhi ng pagbabago sa lipunan. Samakatuwid, dito, posible siyang maging taong may katuturan. Doon sa U.S., isa siyang tagasulat ng report sa isang kompanya na, para sa kaniya, walang mahalagang ginagawa.

Hindi siya nag-iisa sa kalagayang ito. Marami akong kilalang Pinoy na may ganitong kalagayan. Dentista ang isa, na nakakuha ng pinakamataas na marka sa kanilang board exam. Ngayon, tagabenta siya ng t-shirt at minsan, sekretarya ng dentista sa LA. May isa pa akong kilalang biochemist na mataas ang mga grado sa mahusay na paaralan. Ngayon tagaproseso siya ng mga utang sa isang maliit na opisina, sa LA din. Ang isa ko pang kakilala ay abogado na nakapaglingkod na sa mga matataas na opisina ng pamahalaan. Ngayon, siya ay nagpapakaparalegal sa isang opisina sa San Francisco. Tiyak akong may kilala rin kayong mga taong ganito: mga Pinoy na may kakayahan at oportunidad na maging taong may katuturan dito sa Pilipinas, pero piniling habulin ang buhay na hindi matutupad ang kanilang potensiya.



Ang tanong dito ay bakit. Bakit kaya nila pinili ang maging ganito? Hindi ba't masasabi nating bigong proyekto ang kanilang pagpunta sa U.S. para mapabuti ang kanilang buhay? Ang sukat ng mabuting buhay ay iyong uri ng buhay na nagiging mapagbuo sa tao. Ito ang uri ng buhay na nagiging pagkakataon para maisatupad niya ang kaniyang kakayahang makipagsapalaran sa mundo sa isang paraan na mapagbuo sa kaniya, sa kaniyang kapuwa, at sa kaniyang kapaligiran. Bilang mga abogado, dentista, ekonomista, at manunulat, marami silang pagkakataong maisatupad ang mga gawaing ito sa ating bansa. Subalit nangibang-bayan ang mga Pinoy na ito para makamit ang mabuting buhay na ang kapalit ay ang pagsuko ng pagkakataong maging taong may mas mahalagang tungkulin. Sinuman sa kanila ay maaaring maging dentistang makapag-iimbento ng bagong sistemang magtitiyak ng kalusugan ng ngipin ng mga naisantabi. Lalo na't JVP (Jesuit Volunteers Philippines) naman 'yong dentista. Ang isa'y maaaring maging abogadong magrereporma ng sistema ng pagbili ng kagamitan ng AFP. 'Yon naman ang ginagawa niya bago naging paralegal sa U.S. Dahil, sa totoo lang, ang kanilang mga trabaho sa U.S. ay mga gawaing hindi nangangailangan ng taong may partikular na talino o galing, at hindi rin nakadaragdag sa ikabubuti ng nakararami.

Sandali, parang ang yabang ko. Parang sinasabi kong walang katuturan ang trabaho ng paralegal, o sekretarya, o tagabenta ng t-shirt, o tagasulat ng report. Hindi ito ang nais kong ipahiwatig. Para sa akin, lahat ng trabaho ay may potensiyal na maging pagkakataon ng pagkabuo ng tao. Kung pagkakataon ito ng pagiging malikhain, may halaga ang trabahong ito. Subalit, may mga trabaho o gawaing may likas na pagkamalikhain at malawak ang sakop ng epekto. Ito ang mga uri ng trabahong ipinagdaramot sa mga OFW na nangingibang-bayan. Ito rin ang mga uri ng trabahog iniwasan o ipinaubaya ng mga Pinoy na aking pinag-uusapan.
Nasa kalagayan sila na ginagawang posible ang kanilang pagiging taong may mahalagang tungkulin sa lipunan. Pinili nilang maging karaniwang tao sa malaking bansang wala naman talagang pakialam sa kanila, at ni hindi sila binibigyan ng pagkakataong maging bukod tangi't may kakayahang baguhin ang mundo. Kontento sila, o marahil hindi, pero tinatanggap nila ang kanilang kalagayan bilang karaniwang taong suwelduhan at walang pakikibahagi sa paglikha ng mabuting mundo para sa kapuwa.

Pero kung iisipin, baka hindi rin naman mabuti ang mangyayari sa kanila sa bansang ito. Marahil, dahil nga sa oportunidad, malalagay sila sa mabuting trabahong may kakayahang magsanhi ng pagbabago at pag-unlad. Marahil, ang kanilang magiging trabaho ay may impluwensiya sa buhay ng maraming tao. Maraming taga-UP at Ateneo ang nakakakuha ng ganitong uring mga trabaho: mula presidente ng Pilipinas hanggang sa ehekutibo ng iba't ibang korporasyon. Subalit kung iisipin, itong mga Atenistang ito rin ang sanhi ng iba't ibang mga suliranin ng ating bansa. Posible na Atenista ang nag-imbento ng kontraktuwalisasyon, nag-isip ng fertilizer scam, o nagdisenyo ng stock option sa repormang agraryo. Baka ito ang iniwasang kalagayan ng mga kakilala naming pumunta sa U.S.

Baka iniwasan ng mga kaibigan kong umalis ang ganitong pananagutan at posibilidad. Dahil nga naman, kung may kakayahan kang magsanhi ng pagbabago at may pananagutan kang gumawa ng mabuti sa bayan dala ng iyong katayuan, may kakayahan ka ring magsanhi ng malaking kapahamakan. Kung ganoon, marahil gugustuhin mo ngang mangibang-bayan, doon, matatanggap ka bilang karaniwang taong may karaniwang gawain at madaling mawala sa lansangan.

*Si Dr. Agustin Martin G. Rodriguez ay kasalukuyang Tagapangulo ng Kagawaran ng Pilosopiya, Pamantasang Ateneo de Manila at Tagapayo ng Matanglawin. Nagsilbi rin siya bilang dating tagapamagitan ng publikasyon. Asawa siya ni Teresita Asuncion Lacandula-Rodriguez at ama nina Leal at Alon.

Paghimlay

Nicko Caluya

Wari sementeryo ang lungsod ngayong gabi: malamig
ang semento, aspalto, at ang matigas na papag
na nagsisilbing kabaong sa bawat napapagal
na katawan. Patong-patong na katawan
sa iisang lalagyan. Sinindihang posporo
sa kandilang pinatitirik: ilaw-poste
sa bawat kanto ng mga nitso.
Ito lamang at mga lapidang
nagliliwanag ang tanging
nananatiling mainit.

Anosognosia

Elroy Rendor

Babae. Hindi matukoy ang edad.
Ang katawan - lasog, duguan.
Ang mukha - basag, niyurakan.

Sapagkat hindi batas ang stoplight,
suhestiyon lamang.
Kaya maaaring tumawid
        maaaring matulad
sa babang nawalan ng pangalan.

Pakinggan ang bulung-bulungan
sa nakasagasang van,
        (ang plaka, hindi dilaw
        at sa windshield, "Do not Delay" raw)
marami nang gustong bumaba
marami ring patay-malisya.

At ako ang drayber ng van
sa aking gabi-gabing pag-iinat
        sa ulap nang madukot ang buwan,
        nang maangkinin ko ang mga araw at buwan,
        nang mapasaakin ang kapangyarihan,
                balang-araw.
        nang malilok ko ang mundong nasa ibabaw
        sa ilalim ng batas, aking batas.

Ngunit minsan natatanong ko,
natatanggal ba ng pagsunod sa batas
ang pagnanasang tumawid
sa di-tamang tawiran?

At ako ang drayber ng van
sa aking pagkagutom at pagka-uhaw.

Pagmulat

Larz Diaz



Planker, I am your father.





matanglawin.org